

ANG OUTDOORS FOR ALL

Pagkakaloob ng Pantay na
Access sa mga Parke at Kalikasan

Administrasyon ni Gobernador Gavin Newsom

Ang Outdoors for All

Pagkakaloob ng Pantay na Access sa mga Parke at Kalikasan

Administrasyon ni Gobernador Gavin Newsom

Nobyembre 2023

Isang espesyal na pasasalamat sa libu-libong taga-California na tumulong sa pagbuo ng istratohiyang ito. Matatagpuan sa pahina 63 ang buod ng proseso ng pagbibigay ng saloobin ng publiko.

Pabalat na larawan: Nag-hiking ang mga pamilya sa Henry Cowell State Park
Credit: California Department of Fish and Wildlife.

Matatagpuan online ang kopya ng dokumentong ito sa
<https://resources.ca.gov/Initiatives/Access-for-All>.

Talaan ng mga Nilalaman

Ehekutibong Buod	3
Panawagan para sa Aksyon.....	5
Paghahanda.....	9
Bisyon at mga Gumagabay na Prinsipyo.....	11
Pagsasakatuparan ng Anim na Priyoridad para sa Outdoors for All	18
Priyoridad 1: Magtakda ng mga Espasyo para Umunlad ang mga Tao at Kalikasan.	18
Priyoridad 2: Itaguyod ang Pagiging Kabilang	27
Priyoridad 3: Ikonekta ang mga Tao at ang Labas.....	34
Priyoridad 4: Lumikha Kasama ang mga Komunidad	41
Priyoridad 5: Bumuo ng Pantay na mga Daan sa Karera at isang Kinatawang Puwersa ng Paggawa	48
Priyoridad 6: Ihanay ang Pagpopondo upang Maisakatuparan ang Outdoors for All.	52
Pagpapatupad ng Istratehiya	55
Pagbuo ng Istratehiyang Outdoors for All	58
Apendise A: Mga Mapagkukunan na Nagbibigay ng Impormasyon sa Istratehiya.....	60

Ehekutibong Buod

Kilala ang California sa buong mundo dahil sa kilalang-kilala at magagandang lugar na labasan nito. Naglalakbay ang mga tao mula sa malalayong lugar upang maglaan ng panahon sa mga outdoors (labas) dito, mula sa mga pambansa at pang-estadong parke hanggang sa mga dalampasigan, bundok, gubat, disyerto, lawa at ilog. Sinusuportahan ng iba't ibang kapaligirang ito ang kalusugan at kagalingan, at sinusuportahan ng iba't ibang klima ang pamumuhay sa labas sa buong taon na naging bahagi na ng pagkakakilanlan ng California. Gayunpaman, para sa napakaraming taga-California, nananatiling hindi maabot ang mga lugar na ito, mga aktibidad na panlibangan, at ang mga kapakinabangan nito.

Ginawang priyoridad ni Gobernador Gavin Newsom ang pagbuo ng California for All, kung saan uunlad ang lahat ng residente ng estado. Ang pagpapahintulot ng pantay na access sa kalikasan at outdoors ay pangunahing bahagi tungo sa pagsulong ng pangakong ito at ang pangunahing layunin ng inisyatiba at inisyatibang Outdoors for All na nakabalangkas sa dokumentong ito.

Itinataguyod ni Gobernador Newsom at Unang Katuwang na si Jennifer Siebel Newsom, ang Outdoors for All ay magpapalawak ng mga parke at pag-access sa kalikasan sa mga komunidad na may maliit na espasyong panlabas, susuporta sa mga programang magkokonekta sa mga taong kulang ng access, at magtataguyod ng pakiramdam ng pagiging kabilang para sa lahat ng mga taga-California sa outdoors, at marami pa. Noong 2021, si Gobernador Newsom ay gumawa ng makasaysayang pamumuhunan na mahigit \$1 bilyon upang palawakin ang pag-access sa outdoors, na lumilikha ng minsan lang sa isang henerasyon na oportunidad upang mapabuti ang pag-access sa para sa lahat ng taga-California. Sa pakikipagtulungan sa lehislatura, lokal na lider at komunidad sa buong estado, tinitiyak ng pamumuhunan na ito na mas marami pang mga taga-California ang makakaranas ng mga benepisyong ipinagkakaloob ng kalikasan.

Itinatakda ng istrategiya ng Outdoors for All ang pag-unlad na pantay na access sa labas hanggang sa kasalukuyan, tinatampok ang mga ginagawa sa kasalukuyan, at tinutukoy ang mga karagdagang pagkilos upang maisakatuparan ang pangako ng California for All. Nakabalangkas sa istrategiyang ito ang mga daan na maaaring tahakin nang sama-sama ng mga pamahalaan, mga organisasyong pangkomunidad, mga pundasyon, mga pribadong negosyo, at mga residente sa buong California upang patuloy na madagdagan ang pag-access sa outdoors at sa kalikasan.

Ano ang ibig sabihin ng pagiging nasa outdoors?

Nasisiyahan ang mga tao sa outdoors sa iba't ibang magagandang paraan. Ang pagpapalawak ng pag-access sa outdoors at kalikasan sa California ay nangangahulugan ng pagsuporta sa maraming aktibidad na pang-outdoors sa buong estado.

Panawagan para sa Aksyon

Caption ng larawan: *Isang batang may hawak na isda na nasa dulo ng bingwit sa pantalan, sa panahon ng Pangingsda sa City Clinic sa Candlestick State Recreation Area. Credit: Veronica Miranda, Parks California.*

Kapag iniisip ng mga taga-California ang outdoors at kalikasan, maaaring sumagi sa isipan ang mga imaheng tulad ng Yosemite National Park o Big Sur State Park. Ang mga lugar na ito ay nagdudulot ng pagkamangha at paghanga. Kasing-espesyal din ang mga espasyong panlabas na malapit sa tahanan. Ang mga parke ng estado, rehiyon at kapitbahayan, mga daanan ng nagbibisikleta, mga baybayin at iba pang mga daang-tubig, at bakuran ng paaralan ay naghahatid ng kasiyahan, kuryosidad, koneksyon, abentura, at pagpapalakas sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Nakikinabang ang mga taga-California mula sa lahat ng mayayamang landscape na ito – malaki at maliit, malapit at malayo.

Ang Oportunidad

Sa paglaan ng panahon sa outdoors, direktang nakikinabang ang kalusugan ng pag-iisip at pangangatawan. Pinapagbuti nito ang kalagayan ng kalooban at kasiyahan, binabawasan ang stress, at pinalalakas ang saysay ng buhay ng mga tao. Ipinapakita sa pananaliksik na ang mga taong bumibisita sa mga espasyong panlabas ng 30 minuto o higit pa sa isang linggo ay mayroong mas mababang antas ng depresyon at mataas na presyon ng dugo.¹ Ang access sa mga espasyong panlabas ay nagbibigay-daan din sa ehersisyo, na nagpapabuti sa pangmatagalang kalusugan ng pangangatawan. Nagbibigay din ang mga outdoor ng espirital at pangkulturang koneksyon sa marami. Kinikilala ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang mga kapakinabangang ito, at sa ilang lugar ay nagsimula nang maglabas ng mga medikal na reseta na maglaan ng panahon sa kalikasan upang mapabuti ang kalusugan.²

Ang mga espasyong panlabas ay pundasyon sa buhay-panlipunan, na may papel bilang mga buhay na silid-aralan at puntahan ng komunidad. Nagbibigay ang mga ito ng inspirasyon at kaalaman sa mga bumibisita anuman ang edad na pangalagaan ang kanilang komunidad at kapaligiran. Ang mga taong bumibisita sa mga lokal na parke ay may malaking koneksyon sa komunidad na nagpapabuti sa kalidad ng buhay.³

May mga kapakinabangan din sa kapaligiran ang mga parke at espasyong

panlabas. Nakakatulong ang mga ito sa mga komunidad na umakma sa pagbabago sa klima sa pamamagitan ng pagsisilbi bilang kanlungan mula sa matinding init, na sinasala ang maruming tubig na umaagos sa mga daan pagkatapos umulan, at nag-iimbak ng carbon dioxide sa mga puno. Kapag dinisenyo na isinasaisip ang kalusugan ng ekosistema, ang mga parke at iba pang mga espasyo ng outdoor ay pwedeng maging mabuti para sa buhay-ilang at saribuhay, na nagbibigay ng mga lugar para umunlad ang mga halaman at hayop.^{4,5}

Bilang panghuli, ang paglilibang sa outdoor ay isang maaasahang makapangyarihang makinarya ng ekonomiya para sa estado. Ang California ay tahanan sa pinakamalaki at pinakaaktibong ekonomiya ng industriyang outdoor sa bansa, na nag-aambag ng \$54 bilyon sa paggasta sa ekonomiya taun-taon at 517,000 direktang trabaho.⁶

Ang Hamon

Sa California at sa buong bansa, ang access sa outdoor at sa mga kapakinabangan ito ay hindi pantay na naibabahagi sa lahat ng komunidad. Ang access ay karaniwang napagpapasyahan ayon sa lahi at kita.

Ang kasaysayan ng mga patakarang nagdidiskrimina at ang mga pagsosonang hindi nagsasama ay nagresulta sa pangmatagalang hindi pamumuhunan, mas kaunting parke at espasyong panlabas, at kaunting access sa mga baybayin sa maraming komunidad. Ang gawaing “redlining” ay nagresulta sa mga kapitbahayang may napakakaunting puno at parke na nagbibigay ng lilim at malinis na hangin sa mga residente at komunidad na iba ang kulay ng balat na may mababang kita. Sa halip, may mas marami silang aspaltadong daan na sumisipsip at naglalabas ng init.^{7,8} Sa panahong may matinding init, ang ilang lungsod ay nakakaranas ng pagkakaiba na hanggang 12 digri sa pagitan ng mga lugar na may pormal na guhit na pula at berde.

Para sa mga tribo sa California, ang makasaysayang pamana ng diskriminasyon ng pamahalaan, pagpapaalis sa lugar, at karahasan ay nagresulta sa kawalan ng pagtitiwala sa mga espasyong pinamamahalaan ng estado. Sa mahigit isandaang taon, puwersahang inalis ng mga patakarang pamahalaan ng California ang mga tribo ng California sa mga lupa at likas na yaman na umalalay sa kanilang mga komunidad mula pa noong unang

panahon. Sa mga desisyong ito ay nahiwalay ang mga orihinal na tagapag-alagang ito sa kanilang mga tahanan, sagradong lugar, kalikasan, at mga pamamaraan ng kultura.

Callout box: Ang "paglalagay ng pulang guhit" ("redlining") ay tumutukoy sa mga pagsusumikap ng Homeowners Loan Corporation na itakda ang mga kapitbahayang hindi puti at mga residenteng may mababang kita bilang "hindi kanais-nais," na nauwi sa hindi pamumuhunan na sistematiko at dahil sa lahi.^{11,12}

Maraming tao rin ang nakakaramdam na hindi sila tinatanggap o hindi sila ligtas sa mga espasyong pang-outdoors. Sa ilang lugar, ang mga lokal na may-ari ng tirahan ay hindi hinihikayat ang mga bumibisita na gamitin ang mga pampublikong espasyo.¹³ Ang ilan ay nakaranas ng diskriminasyon sa lahi at etnisidad habang muling nililikha ang outdoors.¹⁴ Kung saan hindi sumasalamin ang mga parke sa may dibersidad na kasaysayan at mga mamamayan ng estado, o kung saan hindi ibinibigay ang access sa wika, marami ang nakakaramdam na hindi sila tinatanggap sa mga espasyong ito. Ang pagtatakda ng mga tumatanggap na espasyo kung saan nararamdaman ng lahat ng tao na sila ay ligtas at kabilang ay mahalaga sa pagbuo ng Outdoors for All.

Sa buong California, maraming komunidad ang nahaharap pa rin sa malalaking hadlang pagdating sa pag-access sa mga espasyong panlabas. Kabilang dito ang mga kumplikadong patakaran at regulasyon; ang gastos sa transportasyon, singil sa pagpasok, at mga permit para magamit ang mga espasyong panlabas. Ang mataas na gastos sa mga kagamitang pang-outdoor at instruksyon para sa mga aktibidad na pang-outdoor ay mga karagdagang hadlang.

Ang Panawagan

Ang pagbibigay ng mataas na kalidad na mga parke, dalampasigan at iba pang espasyong panlabas na tumatanggap at maa-access ng lahat ng komunidad sa California ay mahalaga at kailangan na ngayon higit kailanman. Pinabubuti nito ang kalusugan, pinalalakas ang mga koneksyon, at pinabubuti ang buhay ng mga tao. Naipakita ito sa panahon ng pandemyang COVID 19 kung saan marami pang taga-California ang bumaling sa mga espasyong panlabas para kumonekta, maglibang, at magpahinga. Tinutugunan ng estado ang pangakong California for All sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga bagong espasyong

panlabas kung saan wala o kakaunti ito, na sumusuporta sa pinamamahalaang pag-access sa at mga panlibangan sa mga lugar na ito, at nagtataguyod ng pakiramdam na kabilang doon ang lahat ng taga-California.

Pinalalawak na ng California ang pantay na pag-access at pagbuo ng Outdoors for All. Nakikipagtulungan ang mga ahensya ng Estado sa mga panrehiyon at lokal na pamahalaan, komunidad, at organisasyon upang mapalawak ang pag-access sa outdoor. Pinopondohan ng mga pederal, panrehiyon, at lokal na ahensya ang mga bagong maberdeng espasyo at access sa mga daanan ng tubig sa mga lugar na nangangailangan nito. Muling binibigyang-hugis ng mga organisasyon ang kanilang gawain upang magbigay ng mas pantay na pamamaraan sa paghimok sa mga taga-California na lumabas. Maraming makabagong modelong programa ang isinasagawa na – marami sa mga ito ang itinatampok sa istratohiyang ito – na aktibong pinalalawak ang Outdoors for All.

Ang Outdoors for All ay isang inisyatibang binuo upang mapatatag ang lumalagong kilusan na ginagawang bahagi ang lahat ng taga-California. Pinamumunuan ito ng iba't ibang pamahalaan at mga namamahala sa lupain sa lahat ng antas sa pakikipagtulungan sa mga organisasyong pangkomunidad at tribo, na maghahatid ng mga naitatag nang network, isang kasaysayan ng adbokasiya, at mga karanasan. Sama-sama, maipagpapatuloy ng kilusang ito ang pagbuo ng momentum mula sa mga pagsusumikap na ito tungo sa kinabukasan kung saan maaaring mapakinabangan ng lahat ang napakagandang kapaligirang pang-outdoor ng estado.

Paghahanda

Sa ilalim ng Administrasyong Newsom, isang makasaysayang pamumuhunan na mahigit \$1 bilyon ang inilaan sa pagpapalawak ng pag-access sa outdoors. Pinangangasiwaan ng California State Parks ang mahigit \$500 milyon sa mahigit 100 komunidad sa pamamagitan ng Statewide Parks and Community Rehabilitation Program (Programang mga Parke sa Buong Estado at Rehabilitasyon ng Komunidad) na lumilikha ng mga bagong parke sa mga kapitbahayan na pinakanangailangan sa mga ito. Sa Central Valley, ang Dos Rios Ranch Preserve ang magiging kauna-unahang bagong parke ng estado sa mahigit isang dekada, na magbibigay ng access sa publiko sa isang lugar ng estado na matagal nang tinukoy na nangangailangan ng mas higit pang parke at berdeng espasyo. Sa hanay ng kilalang-kilalang baybayin ng California, nagtutulungan ang Coastal Commission, Coastal Conservancy at State Parks upang magpatayo ng mga matutuluyan sa mababang halaga upang madagdagan ang pag-access sa baybayin.

Ibinibigay na ang mga gawad mula sa mga panrehiyong conservancy, CAL FIRE, at California Natural Resource Agency upang lumikha ng multi-modal, maa-access, at may maraming benepisyong trail, na magpapahintulot sa mga residenteng maglakad, tumakbo, at pumasok sa trabaho at paaralan – o kahit na magsaya lamang. Ang mga gawad para sa mga luntiang bakuran ng paaralan ay lumilikha ng kailangang-kailangang nagpapalamig na kaginhawaan para sa pag-aaral at paglalaro.

Ang mga makabagong sinisimulang programa ay nagpapahintulot sa mas maraming tao na bumisita sa mga parke ng estado. Sa pakikipagtulungan sa Unang Katuwang na si Jennifer Siebel Newsom, nilikha ng California State Parks ang California State Park Adventure Pass upang magbigay ng pang-isang taon na libreng pagpasok para sa mga estudyanteng nasa ikaapat na baitang at sa kanilang mga pamilya sa 19 na state park. Makakahiram din ang mga taga-California ng State Library Parks Pass sa kanilang mga lokal na pampublikong aklatan upang makatanggap ng libreng pagpasok sa araw sa mahigit 200 state park. Bukod dito, pinalakas ng State Parks at Department of Social Services ang kanilang kolaborasyon upang gawing mas madali para sa mga pamilyang tumatanggap ng tulong na CalWORKs, tumatanggap ng Supplemental Security Income (SSI), at mga kuwalipikado bilang may mababang kita na makatanggap ng Golden Bear Pass para sa libreng pagpasok sa lahat ng state park para sa taon. Ang May Limitadong Paggamit na Golden Bear Pass ay magbibigay rin ng off-season na access sa lahat ng nasa hustong gulang na 62 taong gulang at mas matanda pa.

Sa loob ng mahigit tatlong taon, gumawa rin ng malaking pamumuhunan ang administrasyon sa mga programang nagtataguyod ng pakiramdam na kabilang sa outdoors. Ang mga pagkilala bilang lupaing pantribo para sa lahat ng 280 state park ay sumasalamin sa bagong karatula at materyal na pang-edukasyon upang maikonekta nang mas mabuti ang publiko sa kasaysayan ng tribo at mga karanasan sa kasalukuyan. Ang isang bagong pagtutulungan sa pagitan ng African American Museum at State Parks

ay tutulong sa pananaliksik, pagbibigay ng interpretasyon, at pagkukuwento ng mga istorya ng mga Itim na taga-California. Pinopondohan ng Outdoor Equity Grants ng State Parks ang mga organisasyong nagkokonekta ng mga kabataan at grupong pangkomunidad sa mga outdoors. Ang bagong programang Coastal Stories ng Coastal Conservancy ay pinalalakas at ipinagdiriwang ang mga boses at kuwento ng mga hindi isinama sa baybayin ayon sa kasaysayan. Pinopondohan ng Whale Tail Grants ng Coastal Commission ang mga proyekto at programang nakatuon sa pagprotekta sa baybayin, pampublikong access, at katarungan sa kapaligiran. Ito lamang ang ilan sa maraming proyekto at programang pinangungunahan ang pag-access sa outdoors.

Sinusuportahan ng mga makasaysayang pamumuhunang ito ang umiiral na at lumalagong kilusan upang matiyak na ang lahat ng komunidad ay may espasyong panlabas para maglibang, magpaninga, o magtipun-tipon, at na ang lahat ay madaling maa-access ang mga ito at makibahagi sa iba't ibang gawaing paglilibang doon. Parehong sa labas ng at sa pakikipagtulungan sa mga pagsusumikap ng pamahalaan, ang kilusang ito ay nakaugat din sa gawain ng napakaraming tribo, organisasyong nakabase sa komunidad, institusyong pilantropo at pang-edukasyon, nonprofit, at indibidwal na may pamana sa pagtataguyod ng pantay na pag-access sa outdoors, pampublikong kalusugan, biodibersidad, at aksyon sa klima. Higit pang iniaayon ng inisyatibong ito ang mga programa ng Natural Resource Agency at pinatitibay nito ang pakikipagtulungan sa mga pagsisikap na ito. Naghaharap ang istratehiyang ito ng kasiyasigang oportunidad upang pagbuklurin ang sama-samang pagsusumikap sa buong estado upang patuloy na dagdagan ang epekto ng kilusan at gawing realidad ang pantay na pag-access para sa lahat ng taga-California.

Bisyon at mga Gumagabay na Prinsipyo

Nakatuon ang Outdoors for All sa pagbibigay sa lahat ng taga-California ng pantay na access sa mga mapagkukunang pangkultura, pangkasaysayan, at pangkalikasan ng estado. Ang "pantay na access" ay nangangahulugan na makakaranas at masisiyahan ang lahat ng tao sa outdoors ng California sinuman sila o saanman sila nakatira. Ito rin ay nangangahulugang mararanasan ng bawat isa ang outdoors sa paraang ligtas, tumatanggap, kumbinyente, abot-kaya, at nauukol sa kultura.

Ang lahat, sinuman sila o saanman sila nakatira, ay dapat na may access sa mga outdoor. Ang pagkilos sa loob ng bawat pinaprayoridad na bahagi ng mga Outdoor para sa lahat ng istrategiya ay para sa ikasusulong ng bisyong ito. Ang pagsasakatuparan ng bisyon na ito ay mangangailangan ng pagtutulungan at mga mapagkukunan ng pamahalaan, pribadong sektor, at pilantropo at matatamasa ito kapag:

1. **Regular na maa-access at mararanasan ng bawat isa ang outdoors habang nararamdaman ang pagiging kabilang, at na sila ay ligtas at tinatanggap.** Pinapahintulutan nito ang lahat na bumuo ng sarili nilang mga kaugnayan sa outdoors na puno ng kasiyahan, kuryosidad, at paghanga. Pinoprotektahan ang pangkultura, panseremonya, at sagradong access para sa mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California para bigyang-dangal ang mga kaugnayan sa mga ninuno.
2. **Makakabisita ang bawat isa sa outdoors nang walang pinansyal na kahirapan.** Ito ay nangangahulugan na ang mga singil, permit, gear, mga klase at gastos o pagiging available ng transportasyon ay hindi balakid para masiyahan ang mga tao sa mga parke at mga lugar na pangkalikasan.
3. **Ang mga espasyong panlabas ay sumasalamin at ipinagdiriwang ang dibersidad at kasiglaan ng maraming komunidad, kultura, at kasaysayan ng California.** Binuo ang mga parke at programang pang-outdoor sa maraming wika at para sa iba't ibang uri ng tao, kabilang ang mga kabataan, nakakatanda, at mga taong may mga kapansanan. Matututunan ng mga bumibisita ang tungkol sa kasaysayan ng pangangalaga ng mga tribo sa mga lupaing ito.

4. **Kumakatawan sa dibersidad ng California ang mga nangangalaga sa mga espasyong panlabas.** Ang bawat isang nagnanais na gawin ito ay maaaring pursigihin ang mga karera at mga tungkulin ng pamumuno sa rekreasyong panlabas, likas na yaman, at propesyon ng pagpapanumbalik.

5. **May inspirasyon ang bawat isa na pangalagaan nang mas mabuti ang mga lupain at katubigan ng California at protektahan ang kalusugan ng kanilang mga komunidad at ekosistema.** Ang ugnayan ng tao sa kalikasan ay inuudyukan ng pagmamalasakit ng magkabilang Partido. Pinangangalagaan ang ugnayang ito sa mga paaralan at sa pamamagitan ng mga programang pangkomunidad, na nagtuturo sa mga tao kung paano babawasan ang epekto sa kalikasan habang naglilibang. Bukod dito, pinagbubuti ng mga patakaran at inisyatiba ng estado ang access sa outdoors at pampublikong kaligtasan.

Bagong kahon ng panawagan: Kinikilala sa istrategyang ito na umiiral ang mga espasyong panlabas sa maraming hugis at laki, at tumutukoy sa mga espasyong pangkalikasan na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga pangpederal, pang-estado, panrehiyon, at lokal na parke, reserbasyong ekolohikal, kanlungan ng mga buhay-ilang, marine sanctuary, dalampasigan, lawa at ilog, trail, luntiang daan sa kalunsuran, sanga-sangang lilim ng mga puno, atbp. Gayunpaman, kapag partikular na tumutukoy sa mga parkeng pinamamahalaan ng California Department of Parks and Recreation, gagamitin ang terminong "mga parke ng estado."

Ang pagsasakatuparan ng bisyon ng Outdoors for All ay nakasalalay sa patuloy na pangako at kahanga-hangang gawain ng mga pamahalaan, grupo at lider ng komunidad, pilantropya, negosyo, at residente sa buong California na pinangungunahan na ang daan at nakahanay sa parehong layunin na ito.

Dapat na para sa lahat ang access sa outdoor, bagaman magkakaiba ang pangangailangan at kagustuhan sa pag-access ng bawat isa. Gumagamit ang istrategyang ito ng iba't ibang pamamaraan upang mapagtagumpayan ang maraming hadlang na napapaharap sa mga taga-California sa pag-abot sa mga outdoor.

Bilang bahagi ng Outdoors for All, nakatuon ang mga ahensya at departamento ng estado sa pagsunod sa limang pangunahing prinsipyo. Ginagabayan nito ang

lahat ng prayoridad na nasa mismong istrategiya at inilalarawan kung paano ipapatupad ng Natural Resources Agency ang mga ito.. Ang mas malawak na network ng mga katuwang ay hinihikayat na isama ang mga prinsipyong ito sa sarili nilang mga pamamaraan.

Pagkakapantay-pantay at Katarungan sa Kapaligiran sa mga Espasyong Panlabas

Marami sa mga kulang sa serbisyong komunidad na pinapasan ang mga epekto ng polusyon sa kapaligiran at pagbabago sa klima ay tinatanggihan din ng mga mapagkukunan at kakayahang gumawa ng desisyon upang matamasa ang malulusog na komunidad. Ang access sa outdoors ay isang bahagi ng pagtamasa ng katarungan sa kapaligiran, sa pamamagitan ng pagbibigay ng ligtas na muling pagkonekta sa lupa, at puwesto sa pagpupulong sa paggawa ng desisyon. Nilalayon ng Outdoors for All ang magbigay ng mga mapagkukunan at higit pang suporta upang mapahusay ang kakayahan ng mga pangharap na komunidad na magdulot ng pagbabago.

Ang mga ahensya at departamentong nakikibahagi sa Outdoors for All ay nakatuon sa pagtukoy sa mga pagkilos upang ayusin ang hindi na magdulot pa ng pinsala, bumuo ng mga nagtitiwalang ugnayan, mamuhunan sa, at proaktibo at patuloy na matutunan ang mga bagong paraan ng pakikipagtulungan sa mga kulang serbisyong komunidad. Kabilang dito ang pagtugon sa mga kasalukuyang pangangailangan ng komunidad bilang daan sa access sa outdoors. Sa pamamagitan ng malapit na pakikipagtulungan sa at pamumuhunan sa mga kulang sa serbisyong komunidad, mapapangasiwaan ng mga ahensya at departamento ng estado ang ganap na pakikibahagi sa pagdisenyo ng mga patakaran, proseso, at programa.

Call out box: Batay sa Government Alliance on Race and Equity, inilalarawan ang ekidad sa konteksto ng ekidad sa lipunan at lahi, at nangangahulugan ng pagtamasa ng mga patas na kalalabasan para sa lahat ng grupo, habang lubos na kinikilala at tinutugunan ang mga hindi pantay na lugar na pagsisimulan. Kapag naisakatuparan na ang pagkakapantay-pantay, walang iisang salik lamang, tulad ng lahi o zip code ang makakapagpasya ng pang-indibidwal o pangkomunidad na access sa may kalidad na mga espasyong panlabas.^{16,17,18}

Call out box: Ang mga kulang sa serbisyong komunidad ay lubos na pumasan sa pinsala ng pananamantala sa mga likas na yaman, kawalan ng pamumuhunan sa ekonomiya, kakulangan sa pamumuhunan, at/o pagkakabukod sa aspetong panlipunan at pulitika.¹⁹ Maaaring kabilang dito ang mga taong mababa ang kinikita, o mga residente sa mga kabukiran. Ang mga kalagayang ito ay nagresulta sa kakulangan ng pag-access sa mga parke at mga outdoor samakatuwid ito ang depinisyon na ginagamit ng istratohiyang Outdoors for All upang tukuyin ang mga pinagtutuunang komunidad ng inisyatiba.

Palakasin ang Pakikipagtulungan sa mga Tribo ng Katutubong Amerikano sa California

Hinahangad ng Outdoors for All na palakasin ang mga pakikipagtulungan sa mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California sa pamamagitan ng kolaboratibong paglutas ng problema upang madagdagan at mapahusay ang pag-access ng tribo, pangangalaga, pagpapanumbalik, at paggamit sa mga lupain ng ninuno, tubig, tradisyonal na pagkain, at kalikasan – ang lahat ng ito upang magbigay-daan sa pagpapatuloy at muling pagpapasigla sa pamamaraan ng kultura, pagkain, at ekosistema ng mga tribo.

Tutugunan ng estado ang mga programa, patakaran, at pamamaraan na naging balakid sa pag-unlad at naglimita sa kakayahan ng estado na regular na kumonsulta sa at gawing bahagi ang mga tribo sa mga makabuluhang paraan. Kinikilala ng Natural Resources Agency at ng mga departamento nito na ito ay aabutin ng ilang panahon at pagbuo ng pagtitiwala upang maghilom ang daan-daang taon ng pamiminsala. Kailangan sa pagpapalakas ng pakikipagtulungan sa mga tribo ang maaga, madalas, at makabuluhang pagsangguni at kolaborasyon sa mga patakaran tungkol sa pag-access ng publiko upang matiyak ang pagprotekta sa mahahalaga sa kultura at sagradong lugar at seremonya.

Bumuo at Magpalago ang Ahensya ng Tumatagal na mga Kolaborasyon

Hindi ito magagawa ng Estado nang mag-isa - Susi ang mga malikhaing pagtutulungan sa matagumpay na pagsulong. Kailangang tukuyin ng Natural Resources Agency at ng mga departamento nito ang mga nagpapatuloy at bagong malikhaing paraan ng pakikipagtulungan sa pederal, pang-estado, panrehiyon, at lokal na pamahalaan, pati na rin sa mga pilantropo, pang-akademiko, at pribadong sektor. Makakatulong ang pakikipagtuwang sa pederal at pakikipagtulungan upang mapataas ang pag-access para sa mga lupain at katubigan na pinamamahalaan ng pederal sa California. Pwedeng pagaanin ng pakikipagtulungang pangrehiyon ang koordinasyon sa lupain ng buong estado at pederal. Kabilang din sa kolaborasyong ito ang pagpupulong at pagpapalaki ng kasalukuyang nasasakupan na mga tagapagtaguyod at tagapagbigay ng pondo. Nangangailangan ito ng pakikibahagi ng mga hindi tradisyonal na kaakibat sa buong sektor – kabilang ang sa pampublikong kalusugan, edukasyon, mga serbisyong panlipunan at transportasyon – at mga komunidad na kulang sa serbisyo.

Palalakasin at sisimulan din ng Outdoors for All ang mga samahan at pakikipagtulungan sa at sa loob ng Natural Resources Agency. Maisasakatuparan ng estado ang mas epektibong kolaborasyon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga ideya at kaalaman at sa pamamagitan ng paghahanay at pagbibigay ng priyoridad sa mga kaugnay na patakaran at pagpopondo sa buong pamahalaan.

Gayundin, hinahangad ng estado na gawing kabahagi ang mga miyembro ng komunidad sa mas makabuluhang paraan pagdating sa pagpapalano, pagdidisenyo, pagpapatupad, pamamahala, at pagsusuri sa mga proyektong panlabas. Ito ay nangangahulugang maaari silang sumali sa mga yugto ng proyektong ito, at madaling makapagbigay ng saloobin sa loob ng makatotohanang itinakdang panahon. Maaaring ipagpatuloy ng mga entidad ang pagpapabuti ng pakikipag-ugnayan nang sa gayon ay hindi nakakabigat sa mga komunidad ang pakikibahagi sa limitadong panahon at mga mapagkukunan.

Isinama sa Outdoors for All sa Lahat ng Pamahalaan

Isang mahalagang bahagi ng prayoridad na pangkapaligiran ng California ang Outdoors for All at dapat na nakasama sa lahat ng sektor ng

pamahalaan. Nakahanay ang istratohiyang ito sa mga kasalukuyang patakaran at programa upang dagdagan pa ang epekto ng estado. Ang pagpapalawak ng access sa outdoor sa mga komunidad ay hinihigitan pa ang pangako ng California na konserbahin ang 30 porsyento ng mga lupain at katubigan sa baybayin ng California hanggang 2030 (30x30). Habang kinukumpronta ng estado ang pagbabago sa klima, ang mga luntiang espasyong ito ay nakakatulong din sa pagprotekta sa mga residente mula sa mga epekto ng klima. Ang Outdoors for All ay isang kasamang istratohiya sa Pathways to 30x30 ng California Natural Resources Agency at ginagamit din ang mga solusyong nakabatay sa kalikasan na inihaharap sa Natural and Working Lands Climate Smart Strategy, Climate Adaptation Strategy, at Climate Change Scoping Plan. Inaayon sa mga pagsisikap ng pamahalaan upang isulong ang mga proyektong maraming benepisyong upang matiyak ang magkasama at mabisang mga pagsisikap.

Isinasama rin ng Outdoors for All ang pangako ng estado sa ekidad at katarungang pangkapaligiran, na pinalakas Ehekutibong Utos N-15-19 ni Gobernador Newsom na humihingi ng paumanhin sa karahasan at pagmamaltrato ng estado laban sa mga tribong Katutubong Amerikano at Ehekutibong Utos N-16-22 na tumutulong sa pagpapaloob ng ekidad sa mga proseso ng pagpapalano ng estado at pakikibahagi ng komunidad. Ang mga istratohiya sa ekidad at katarungang pangkapaligiran na nakabalangkas sa dokumentong ito ay kahanay ng mga pagsusumikap na kasalukuyang isinasagawa sa Natural Resources Agency at sa buong pamahalaan ng estado.

Pagpapabuti sa Pag-access ay Malinaw at Kongkreto

Nakatuon ang estado ng California sa malinaw na pagpapamalas ng pag-unlad tungo sa mga priyoridad ng inisyatibang Outdoors for All. Kabilang sa inisyatiba ang pangongolekta at pagbabahagi ng mga naisakatuparan at progreso upang manatiling may pananagutan sa mga mamamayan ng California. Malawak na inilalarawan ang tagumpay sa loob ng bawat priyoridad sa ibaba ngunit ang pagbuo ng mga partikular na hakbang ng progreso at pagsubaybay sa mga kasangkapan ay magagawa sa pakikipagtulungan sa Natural Resources Agency, sa mga departamento nito, at mga tagapagtaguyod at propesyonal na may pantay na access.

Mangyayari ang progreso sa maraming sukatan at panahon. Ang ilan sa mga istratohiyang nakapaloob dito ay isinasagawa na ng mga departamentong malikhaing bumubuo sa mga bagong programa at inisyatiba. Ang inisyatibang Outdoors for All ay naghahangad na dagdagan ang mga pamumuhunan at palawakin ang gawaing ito sa kabuuan ng Natural Resources Agency at tiyakin ang mahusay at magkakaugnay na progreso. Ang mga kasalukuyang programa mula sa mga nangungunang departamentong ito ay magsisilbi bilang mga pangunahing modelo para sa iba sa buong estado at bansa. Ang iba pang mga bahagi ng istratohiya ay may mas mahabang pagsasapanahon at nangangailangan ng higit pang pagtuklas at marahil maging ng lehislatibong aksyon.

Pagsasakatuparan ng Anim na Priyoridad para sa Outdoors for All

Priyoridad 1: Magtakda ng mga Espasyo para Umunlad ang mga Tao at Kalikasan

Sa pamamagitan ng Outdoors for All, mapapabuti ng estado ang konserbasyon ng mga lupain at mga katubigan habang dinadagdagan din ang pag-access para sa lahat taga-California. Ang mga pamamaraang malikhain at may maraming kapakinabangan sa pag-access ay maingat at magbabalik sa likas na tanawin ng estado at sa nasirang mga lupain, magpapahusay sa kagalingan at koneksyon ng komunidad, tutugunan ang kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kasaysayan, at mas malawak at mas inklusibong komunidad ng mga tagapagtaguyod ng kapaligiran.

Nararapat ang lahat ng taga-California na ma-access ang mga parke at panlabas na estado na may mga pampublikong pasilidad na maayos na napapanatili na naghahandog ng maraming paraan upang maglibang para sa mga tao anuman ang kakayahan.. Habang pinalalawak ang access, dapat ding panatilihin at pamahalaan ng estado ang mga ito nang sa gayon ay umunlad ang mga tao at ang kalikasan, Kabilang na ang pagprotekta sa pag-access para sa pangmatagalan sa pamamagitan ng pagdidisenyo ng mga espasyo ng outdoor upang matagalan nito at makaayon sa pagbabago ng klima.

Maipapakita ng estado ang pangakong ito sa pag-unlad para sa mga mamamayan, komunidad, at kalikasan kapag ang California ay:

- Dinadagdagan ang porsyento ng mga nakatira sa loob ng kalahating milya ng may kalidad na espasyong panlabas.
- Nagtatatag ng mga daan para sa mga kasunduan sa pag-access ng lupa para sa lahat ng tribo ng Katutubong Amerikano sa California.

Mga Istratehiya:

1.1. Pagpapaunlad, pagpapabuti, at pagpapanatili ng mga lokal at panrehiyong panlabas na estado

1.1.1	Bigyang priyoridad ang mga programa para sa pagpapaunlad ng parke at bukas na espasyo sa mga komunidad na may kakulangan sa parke tulad ng Statewide Park Development and Community Revitalization Program at ng Urban Waterways Program.
-------	---

1.1.2	Gumawa ng mga priyoridad para sa mga komunidad at pagiging na-access ng mga may kapansanan na may kakulangan sa mga parke sa loob ng mga kasalukuyang pinagmumulan ng pagpopondo para sa pagkuha, pagpapaunlad, pagpapabuti ng bukas na espasyo, at/o pagmamantini, kabilang ang mga trail at imprastruktura ng komunidad (hal., mga banyo, fountain ng tubig, mesa at bangkong pampiknik, istraturang nagbibigay-lilim, pag-iilaw, pampublikong sining, mga pasilidad ng isport, mga lugar ng pag-access at imprastrukturang panlibangan para sa mga dalampasigan at mga daanan ng tubig, mga charging outlet ng de-motor na wheelchair at iba pang feature para para sa mga taong may kapansanan) na sumusuporta sa rekreasyong mabuti sa kalusugan, ligtas, madalas, at nauukol sa kultura para sa lahat ng edad at kakayahan.
1.1.3	Tulungan ang mga pantribo, lokal, at panrehiyong entidad upang maghatid ng mga pederal na pamumuhunan sa California para sa renobasyon at pagkuha ng espasyong panlabas, lalo na sa mga pangharap na komunidad.
1.1.4	Makipagtulungan sa mga pantribo, lokal, at panrehiyong mga organisasyon para sa may kapansanan, tumatandang at mga konseho ng nakakatanda upang tiyakin na ang kalapit na mga espasyo ng outdoor ay nakakatugon sa espesipikong pangangailangan ng mga taong may kapansanan at mga may edad, tulad ng nalililimang upuan, mga pananda sa distansya, pantay na daan, upang suportahan ang mga parke bilang madaling ma-access at bagay sa lahat ng henerasyon. Mga accessibility feature para sa may iba't ibang kapansanan – tulad ng pisikal, sensory at cognitive – ay dapat na isama sa mga proyekto mula sa pasimula, at regular na imantini at pabutihin..

Kumikilos na Outdoors for All

Statewide Park Development and Community Revitalization Program

Ang Statewide Park Development and Community Revitalization Program ay isang kompetitibong programang gawad na pinangangasiwaan sa pamamagitan ng State Parks Office of Grants and Local Services (OGALS). Lumilikha ang programa ng mga bagong parke at oportunidad sa rekreasyon sa "mga komunidad na hindi gaanong napaglilingkuran" sa buong California. Popular na popular ang programang gawad na ito, na may ilang aplikasyon sa proyekto na lubos na nahihigitan ang makukuhang pondo. Mula pa noong 2008, naggawad ang programa ng apat na beses na pagpopondo na may kabuuang mahigit

\$1.16 na bilyon sa mga gawad at 299 na proyektong gawad. Pinondohan ng mga gawad na ito ang paglikha ng 179 na bagong parke at pagpapalawak at renobasyon ng 120 kasalukuyang parke.

Binabalangkas ng State Parks ang mga gawad na ito upang suportahan ang mga aplikante at tiyakin ang makabuluhang pakikibahagi ng komunidad. Ang mga kawani ng State Parks ay nagbibigay ng teknikal na tulong para sa mga aplikante at tumatanggap ng gawad sa antas na pang-county. Bukod dito, inaatasan din ng gawad na ito ang mga aplikante na gawing kabahagi ang mga residente sa pagdidisenyo ng parke sa pamamagitan ng mga pagpupulong ng komunidad, na hino-host ng lokal na komunidad. Tatalakayin sa mga pagpupulong ang mga limitasyon sa pagbiyahe at pag-iskedyul upang madagdagan ang pakikibahagi ng residente.

1.2. Suportahan ang pagbabalik ng mga lupain ng ninuno ng tribo bilang daan para sa pag-access sa outdoors.

1.2.1	Alinsunod sa inisyatibang 30x30 ng California, tuklasin ang mga pang-administratibo at panregulatoryong daan upang isulong ang pagbabalik ng mga lupain ng ninuno sa mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California. Maaaring kabilang dito ang patuloy na pamumuhunan sa Pantribong programa ng Solusyong Nakabase sa Kalikasan ng Natural Resources Agency, paglilipat ng mga lupang hawak ng estado, panrehiyon, lokal at pribadong pagmamay-ari sa mga pamahalaan ng tribo, at pagsuporta sa konsorsyo sa pagitan ng mga tribo at mga lupon ng konserbasyon para sa lupa.
-------	--

1.3. Suportahan ang paggamit ng pangkulturang legal na pagpapahintulot ng mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California upang protektahan ang mga pangkultura at sagradong lugar

1.3.1	Pangasiwaan ang paglikha at pagbili ng mga pangkulturang legal na pagpapahintulot upang suportahan ang pag-access ng tribo ng Katutubong Amerikano sa California sa lupa para sa mga pangkulturang paggamit, pag-ani, at mga seremonya at upang protektahan ang mga lugar na mahalaga sa kultura at sagrado.
-------	--

Kumikilos na Outdoors for All

Pangkulturang Access na Easement para sa Kashia Band of Pomo Indians Tribe

Sa County ng Sonoma, isang hindi pangkalakal na organisasyon ang naggawad ng legal na pahintulot ng pangkulturang access sa Kashia Band ng tribong Pomo Indian. Ang legal na pahintulot sa paggamit ay nagbibigay sa Kashia ng panghabang-buhay na access at proteksyon sa kanilang sagradong lugar sa coastal bluff, kung saan ay nagdaraos sila ng mga seremonya, nangongolekta ng mga halamang dagat, nag-aani ng abolone, at pinamumunuan ang mga tradisyonal na panalangin at iba pang mga ispirituwal at pangkulturang aktibidad.³⁴ Nagbigay ang California State Coastal Conservancy at Wildlife Conservation Board ng bahagi ng pondo para sa legal na pahintulot na paggamit na ito.

1.4. Suportahan ang mga solusyong may maraming kapakinabangan para sa mga priyoridad na pag-access at pangkapaligiran

1.4.1	Maghanap ng mga oportunidad upang samantalahin ang makukuhang pagpopondo upang makuha at/o maibalik ang lupang lumilikha ng pag-access sa kalikasan para sa mga kulang sa serbisyong komunidad, nagpepreserba ng saribuhay, at nagbibigay ng solusyong nakabase sa kalikasan para sa katatagan ng klima. Halimbawa, gumawa ng mga landas at iba pang feature na nababagay sa likas na kapaligiran, at ilagay ang mga ito upang kaunti lang ang epekto sa buhay-ilang.
-------	---

Kumikilos na Outdoors for All:

Susunod na Parke ng Estado ng California. Ang proyektong nakakapagpabago upang itatak ang pinakabagong parke ng estado ng California ay nagpapakita ng kung paano magkasamang maisasakatuparan ang pagpapalawak ng outdoor na access at pagprotekto sa saribuhay. Kung ano ang dating bukirin na madalas na binabaha mula sa kalapit na mga ilog ng San Joaquin at Tuolumne ay ipinapanumbalik na sa kasalukuyan upang maging tirahang pangkalikasan sa tabing-ilog ng hindi pangkalakal na organisasyong River Partners at ng kanilang mga katuwang. Ang bisyong “River Partners’ para sa Dos Rios Ranch ay isang pagkapanalo para sa Golden State na may maraming aspeto,” wika ng Kalihim ng California para sa Natural Resources na si Wade Crowfoot. “Tutulungan ng Dos Rios Ranch ang kalikasan sa pagpapanumbalik ng pag-imbak ng tubig sa ilalim ng lupa, at tutulungan nito ang California na matugunan ang pangako nitong magkonserba ng 30 porsyento ng lupa at tubig sa baybayin, at lilikha ito ng mas malaking oportunidad para sa lahat ng taga-California—lalo na ang mga nasa San Joaquin Valley—upang masiyahan sa mga benepisyo sa kalusugan ng pagiging nasa kalikasan.”²⁹ Isasama rin ng Dos Rios Ranch Preserve ang pag-access ng tribo sa pagtanim at pag-aani ng mga tradisyonal na materyal ng halaman sa lugar na may 4+ na acre sa loob ng parke. Ang State Parks, Department of Fish and Wildlife, Department of Water Resources, at ang Wildlife Conservation Board ay nakikibahagi upang gawing posible ang bagong parke na ito.

1.5. Suportahan ang mga ipinagpalibang proyekto ng pagpapanatili sa buong estado na naghahangad na palawakin ang pag-access sa rekreasyon at magbigay ng ligtas at tumatanggap na karanasan para sa mga bumibisita

1.5.1	Kung saan hindi pa umiiral ang mga ito, bumuo ng mga konsiderasyon sa pantay na access sa pagbibigay ng priyoridad sa mga ipinagpalibang proyekto ng pagpapanatili, tulad ng pagsusuri sa pangkalahatang pag-access sa parke at kalidad nito upang matukoy ang mga bahaging mataas ang pangangailangan
1.5.2	Tuklasin ang pagpapalakas ng kapasidad ng California na matugunan ang mga pangangailangan sa ipinagpalibang pagpapanatili sa pamamagitan ng mga programa ng pagbuo ng teknikal na kasanayan tulad ng inaalok ng estado at lokal na mga grupo ng konserbasyon, na sa huli ay magresulta sa mga oportunidad ng trabaho sa estado.

Kumikilos na Outdoors for All

Dalawang Bagong Nakumpleto na Proyekto ng Pampublikong Access sa Dalampasigan

Ang isang malikhaing samahan sa pagitan ng California Coastal Commission, State Coastal Conservancy at Mountains Recreation and

Conservation Authority (MRCA) ay nagresulta sa dalawang halos nakumpletong proyekto ng pag-access sa pampublikong dalampasigan sa reserbang lupain ng estado sa Lungsod ng Malibu. Sa mga pondong mula sa Coastal Act Violation Remediation Account (VRA) MRCA ay idinisenyo, itinayo, at ngayon ay pinamamahalaan ang dalawang bagong hagdan mula sa loteng paradahan ng Malibu Lagoon State Beach sa Pacific Coast Highway hanggang sa dalampasigan sa ibaba ng Malibu Pier, na may mga bagong basurahan at karatula ng pag-access ng publiko. Sa ibaba ng baybayiin ng Big Rock Beach, pinalitan ng MRCA ang hindi pormal na bluff trail ng bagong ayos na hagdanan sa isang nakapaloob na dalampasigan na tinatawag na Maritime Rocks gamit ang pagpopondo ng VRA. Isang time-lock ang nagpapahintulot sa pag-access sa buong taon, at isang bangko at isang platapormang maa-access ng ADA ang nagbibigay ng magagandang tanawin ng Santa Monica Bay. Ang mga karatulang may mga QR code ay naka-link sa mga tsart ng lokal na pagtaas at pagbaba ng tubig kapag ang dalampasigan ay nasa panahong ito ay pinakamalawak. Ang VRA ay ang account kung saan idinideposito ang mga pang-administratibong multa mula sa mga matagumpay na pagpapatupad ng Coastal Act para magamit sa mga proyektong nagpapalawak ng pampublikong pag-access at ibinabalik ang mga mapagkukunan sa baybayin. Makakatulong ang pagtugon sa backlog ng VRA na mapondohan ang karagdagang pantay na access sa mga proyekto.

1.6.Makipag-ugnayan sa mga distrito ng paaralan at panrehiyong pamahalaan upang mapahusay ang mga luntiang bakuran ng paaralan at tuklasin ang mga oportunidad para sa mga bakuran ng paaralan na punan ang mga puwang sa parke pagkatapos ng oras ng klase

1.6.1	Suportahan ang mga oportunidad na buksan ang mga luntiang bakuran ng paaralan sa kanilang mga lokal na komunidad, at hinihikayat ang mga distrito ng paaralan at mga lokal na pamahalaan na pumasok sa pinagsasaluhang mga kasunduan ng magkasamang paggamit , upang madagdagan ang pangkalahatang espasyong panlabas ng komunidad. ³⁶
-------	---

Kumikilos na Outdoors for All

Luntiing Bakuran ng Paaralan sa Cesar Chavez Education Center

Ang California Schoolyard Forest System ay isang inisyatiba sa buong estado upang madagdagan lilim ng puno sa mga bakuran ng pampublikong paaralan sa buong California upang liliman at protektahan ang mga estudyante mula sa matinding init at tumataas na temperatura dahil sa pagbabago sa klima.³⁷ Ang pakikipagtulungang ito sa pagitan ng Green Schoolyards America, California Department of Education (CDE), California Department of Forestry and Fire Protection (CAL FIRE), Ten Strands, mga distrito ng paaralan at mga tanggapan ng edukasyon sa county ay nakahanay sa patakaran ng estado at lokal na patakaran, pagpopondo, pagpaplano, teknikal na tulong upang suportahan ang malawak na pagpapatibay.

Noong 2021, inilabas ng Oakland Unified School District ang una nitong luntiing bakuran ng paaralan sa Cesar Chavez Education Center. Pinalitan sa binagong buhay na bakuran ng paaralan ang 13,000 talampakang kuwadrang aspalto, ng palaruan, maliit ng damuhan, 58 bagong puno upang palamigin ang palaruan at magbigay ng lilim at lugar na maupuhan para sa mga estudyante, isang bioswale na idinisenyo kumonekta sa pagdaloy ng tubig ulan sa kanal at alisin ang debris at polusyon bago maitapon ang mga ito sa look, at isang bagong silid-aralan sa labasan na may halamanan at mga kahong taniman para sa pagtuturo. Pinondohan ang proyektong ito sa pamamagitan ng samahan sa pagitan ng Lungsod ng Oakland, State Coastal Conservancy, at ng Trust for Public Land.³⁹

1.7. Suportahan ang pagkonekta ng magkakaibang laki ng mga espasyong panlabas, kabilang na ang pambuong estado at panrehiyong kawing ng mga landas, upang magbigay ng iba't ibang karanasan para sa lahat ng antas ng kasanayan, na may kasamang benepisyo ng paglikha ng mga koridor para sa buhay-ilang.

1.7.1	Suportahan ang mga lokal, panrehiyon at pampederal na pagsusumikap sa pagpaplano upang mapabuti ang iba't ibang uri ng mga koneksyon ng trail, kabilang na ang mga mabeberdeng daan na may pananda ng distansya at upun, sa pagitan ng mga espasyong panlabas upang maikayat ang malalim na karanasan at iba't ibang aktibidad para sa mga gumagamit na nagmumula sa may limitadong
-------	---

	paggalaw ay masinsing pisikal na rekreasyon.
--	--

1.8. Tiyakin na ang pagpapaunlad at pamamahala sa espasyong panlabas ay naayon sa Climate Adaptation Strategy, Scoping Plan, at Natural and Working Lands Climate Smart Strategy ng California.

1.8.1	Sa pakikipagtulungan sa mga nauukol na katuwang, tukuyin ang mga priyoridad para sa pagkuha ng mga lupain at katubigan na maaaring gamitin bilang likas na pananggalang sa mga epekto ng pagbabago sa klima at magbibigay at magpoprotekta sa access na panrekreasyon.
1.8.2	Bumuo ng mga oportunidad na panrekreasyon pagdating sa pagbangon pagkatapos ng sunog, tulad ng pakikibahagi ng publiko sa pagpapanumbalik ng gubat o mga karanasang pang-edukasyon, nang sa gayon ay makakapagpatuloy ang mga rehiyong naapektuhan ng malaking sunog sa kalikasan na mapanatili ang mga kabuhayang nakabase sa rekreasyon sa outdoors.
1.8.3	Sa pakikisabay sa Natural and Working Lands Climate Smart Strategy ng California, ibalik at muling ayusin ang mga dating ginagamit na tanawin para sa paggamit na pangkapaligiran, pangkultura, at panlipunan (hal., pagbibigay ng access na panrekreasyon, pagkuha ng karbon, at paglikha ng tirahan ng mga buhay-ilang). Ang mga ginagamit na tanawin na ito ay maaaring ginamit noong nakaraan para sa agrkultura, pagmimina, pagkuha ng langis at gas, atbp.

1.9. Suportahan ang pagpapatupad ng mga hakbang laban sa sapilitang pagpapaalis sa tirahan upang matiyak na ang access sa bukas na espasyo ay hindi magresulta sa gentrification.

1.9.1	Tuklasin ang paggamit ng mga plano sa patas na pagpapaunlad para sa mga parke at espasyo ng outdoor na magsasanggalang laban sa pagpapaalis..
-------	---

Kumikilos na Outdoors for All

India Basin Waterfront Park

Ang estado ay naggawad ng \$8.5 na milyon na pagpopondo ng Proposisyon 68 noong 2020 at \$25 milyon ng pangkahalatang pagpopondo noong 2021 sa paglikha ng [India Basin Waterfront Park](#).⁴¹ Bilang bahagi ng pantay na plano ng pagpapaunlad sa India Basin Waterfront Park ng San Francisco, na kinabibilangan ng mga pagsusumikap laban sa sapilitang pagpapaalis ng tirahan, sinuri ng mga tagaplano ng proyekto ang mga proyekto ng revitalization sa ibang mga lungsod, tulad ng 11th Street Bridge Park sa Washington D.C., , upang kumuha ng mga pananaw at tukuyin ang pinakamahuhusay na gawain.

1.9. Tuklasin ang paggamit ng mga plano sa patas na pagpapaunlad para sa mga parke at espasyo ng outdoor na magsasanggalang laban sa pagpapaalis.

1.10.1	Makipagpartner sa mga lokal na pamahalaan, kabilang na ang kagawaran ng county sa pagpapalano, upang ipatupad ang simple, malinaw, at naa-access na mga kasunduan upang makapagpaunlad at mapahintulutan ang libangan sa mga pribadong lupain, kabilang na ang mga ginagamit na lupain. Tukuyin at ibahagi ang pinakamahuhusay na kasanayan sa kasunduan.
1.10.2	Makipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan, kabilang ang mga departamento sa pagpapalano ng county, upang ipatupad ang simple, malinaw, at naa-access na mga daanan sa pagpapahintulot upang bigyang-daan ang mababang epekto ng kamping sa pribadong ari-arian, partikular na ang mga ari-arian at ari-arian na pang-agrikultura na malapit sa mga pampublikong lupain.

Prioridad 2: Itaguyod ang Pagiging Kabilang

Ang pagbibigay ng pisikal na pag-access sa mga may kalidad na espasyong panlabas sa buong estado ay isang bahagi lamang ng pagsasakatuparan ng Outdoors for All. Ang mga espasyong ito ay dapat na tumatanggap sa lahat. Kailangang igalang ng mga espasyong panlabas ang makasaysayan at kasalukuyang kaugnayan sa pagitan ng lupa at lahat ng taga-California, partikular na ang mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California. Ang mga tao anuman ang kulay, may kapansanan, na tutukoy na babae, at mga miyembro ng LGBTQ2S+ (tumbay, bakla, transgender, queer, two-spirit) na mga komunidad ay dapat makadama na sila ay ligtas at pinagmamalaki sa mga outdoor. Kabilang dito ang paglalahad ng mga kuwentong ipinagdiriwang ang mga mamamayan ng California, itinatama ang mga hindi wasto sa kasaysayan sa ating pagkukuwento, pagpapalawak ng access sa wika, nagtatatag ng tiwala sa pagitan ng mga bumibisita at mga residente. at pagpapahusay ng pakiramdam ng kaligtasang emosyonal at pisikal sa mga espasyong panlabas. Ang Natural Resources Agency at ang mga departamento nito ay maaaring patuloy na linangin ang pakiramdam ng pagiging kabilang sa pamamagitan ng inklusibong edukasyong pang-outdoor at mga oportunidad sa pangangasiwa na tumutulong sa lahat sa pagtatatag ng matibay na kaugnayan sa kalikasan.. Maaaring gamitin ang pakikipag-ugnayan sa publiko at impormasyon upang sirain ang elitismo sa loob ng rekreasyon sa outdoors sa pamamagitan ng pagtataguyod ng iba't ibang opsyon sa outdoors at pagdiriwang ng maraming paraan na doo'y makakapili ang mga taong may iba't ibang kakayahan na mapunta sa outdoors. Sa pagpapatibay ng mga ugnayang ito sa mga outdoor ay makikinabang kapwa ang mga tao at kalikasan.

Ang mga istratohiyang nakabalangkas sa seksyong ito ay makakatulong na maisakatuparan ang kinabukasan kung saan nararamdaman ng bawat isa na sila ay ligtas, tinatanggap, at hinihikayat sa outdoors, at masisiyahan sa mga lupain at katubigan ng California nang walang pag-aatubili.

Magiging matagumpay ang estado kapag:

- Ang mga taga-California ay nakakaramdam na sila ay ligtas at kabilang sa mga parke at espasyong panlabas.

Mga Istratehiya:

2.1 Magbahagi ng mga kuwentong may iba't ibang kultura, nauukol, at natutulad sa karanasan at mga imahe ng mga mamamayan ng California at kasaysayan sa pamamagitan ng pagpoprograma, mga interpretibong materyal, sining, at karatulang inaalok sa mga espasyong panlabas, pangkultura at makasaysayang lugar, at museo

2.1.1	Ipagpatuloy ang maaga, madalas, at makabuluhang konsultasyon sa mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California hinggil sa pagbuo ng pinakamahuhusay na gawain at pagmemensahe para sa pagkukuwento ng mga kultura at kasaysayan ng tribo. Susundin ang mga konsultasyong ito para sa pagbuo ng pagpoprogramang partikular sa lokasyon, interpretibong materyal, at pagkakararula.
2.1.2	Makibahagi sa mga partnership sa mga miyembro ng komunidad, organisasyong nakabase sa komunidad, at mga kolehiyo at unibersidad upang mapalawak ang mga imahe at istorya at

	kasaysayan na ikinukuwento sa mga espasyong panlabas, lugar na pangkultura at makasaysayan, at museo upang maipaaninag at mapatibay ang pinagsasaluhang pagkadama na sila ay kabilang para sa lahat ng sari-saring komunidad ng California.
2.1.3	Makipagpulong sa mga kawani mula sa mga lugar at museo ng estado na pangkultura at makasaysayan upang matukoy ang mga oportunidad na maikonekta ang Outdoors for All sa mga umiiral na pagsusumikap na pagpapalano at pagpoprograma.

Kumikilos na Outdoors for All

Programang Gawad ng Coastal Stories

Ang [programang gawad na Coastal Stories](#) ng State Coastal Conservancy ay tumutulong upang gawing mas inklusibo at tumatanggap ang outdoors para sa lahat ng taga-California sa pamamagitan ng pagtataguyod ng representasyon ng mga Iitim, Katutubo, Taong Hindi Puti (BIPOC) at iba pa na ayon sa kasaysayan ay mga hindi isinamang grupo sa mga espasyong panlabas sa pamamagitan ng paglalagay ng lugar ng pagkukuwento, kabilang ang mga mural, karatula, monumento, at gabay. Layunin ng programang gawad na ito na direktang suportahan at bigyang-kapangyarihan ang mga kinatawan ng BIPOC at/o iba pa na ayon sa kasaysayan ang mga hindi isinamang grupo upang buuin at ibahagi ang kanilang mga pananaw sa baybayin at kuwento, itama ang isang-panig na mga kasaysayan sa mas inklusibo at tumpak na mga paraan.

Kumikilos na Outdoors for All

Mga Pagkilala sa Lupain ng Tribo para sa Lahat ng Parke ng Estado

Ang State Parks ay kasalukuyang nasa proseso ng pagbuo ng mga pagkilala sa lupain ng tribo para sa lahat ng 280 parke ng estado sa pamamagitan ng bagong karatula at pinabuting interpretasyon na magkokonekta nang mas mabuti ng publiko sa kasaysayan ng tribo at mga karanasan sa kasalukuyan. Isinama sa badyet ng estado sa mga taong 2022-23 ang halos \$10 milyon upang bumuo ng plano para sa gawaing ito at upang i-update ang ilagay sa konteksto nang mas mabuti ang kasaysayan ng mga Katutubong Amerikano sa California sa mga kasalukuyang eksibit ng visitor center at museo sa humigit-kumulang 20 parke ng estado. Ang mga pagpapabuting ito ay maghaharap ng mga boses ng Katutubong Amerikano sa California na kikilala at igagalang ang kanilang mga pamahalaan bilang mga tradisyonal na tagapag-alaga ng lupaing ito at ang tumatagal na ugnayang umiiral sa pagitan nila at ng kanilang mga tradisyonal na

teritoryo.

2.2. Itaguyod ang pagpapahalaga ng publiko sa at kaugnayan sa likas at kulturang yaman ng California.

2.2.1	Bumuo ng parehong pagmemensahe sa mga departamento na nag-aangat ng pagpapahalaga para sa at ng kaugnayan sa outdoors.
2.2.2	Galugarin ang mga sosyohang pampubliko-pribado upang pag-ugnayin ang komprehensibong talagang makikitang kampanya ng komunikasyon sa buong estado. Dapat na kabilang dito ang pagpapakita ng pagkasari-sari ng mga tao sa outdoor ng California, kabilang na ang komunidad ng mga kulang sa serbisyo, at LGBTQ2S+, at mga taong may kapansanan. Isama ang mga pinagkakatiwalaang mensahero sa komunidad, tulad ng mga tribo at organisasyong pangkomunidad, bilang mga katuwang sa kampanya.

2.3. Suportahan ang mga pagpapabuti sa pag-access sa wika para sa pagpoprograma sa outdoors, materyal na pang-edukasyon, at kawani sa mga bukas na espasyo, lugar na pangkultura at makasaysayan, at museo.

2.3.1	Dagdagan ang pag-access sa wika sa lahat ng programa sa pamamagitan ng pagtukoy ng kung anong mga dokumento ang isasalin, kailan, at sa anong mga wika, at naghahandog ng pagpoprograma sa mga wikang ito kung ipinapahintulot ng pondo.
-------	--

2.4. Bumuo ng pagtitiwala sa pagitan ng mga kawani at bumibisita

2.4.1	Lumikha ng mga karagdagang oportunidad para sa mga opisyal ng pampublikong kaligtasan upang maunawaan nang mas mabuti at tumugon sa mga pangangailangan ng komunidad pagdating sa kaligtasan, tulad ng sa pamamagitan ng intensyonal na pakikipag-usap sa mga lokal na lider ng komunidad pagdating sa mga pangangailangan sa kalusugan at pakikibahagi sa mga lokal na event na pangkomunidad sa paraang nagpapaigting ng pagtitiwala.
-------	---

2.4.2	Tiyakin na ang mga entidad, empleyado, opisyal ng pampublikong kaligtasan, at boluntaryo ng Natural Resources Agency ay patuloy na nagpupulong upang matugunan at mapabuti ang kinakailangang pagsasanay sa sentisibidad, likas na pagkiliing, at kababaang-loob pagdating sa kultura para sa mga parke at espasyong panlabas.
2.4.3	Repasuhin ang mga unang protokol sa pagtugon sa kabuuan ng Natural Resources Agency, partikular na bilang pagtugon sa mga pag-aalala ng mga bumibisita sa ibang mga bumibisita. Isaalang-alang ang pagdadagdag ng karagdagang pagsasanay tungkol sa mga pamamaraang ginagamitan ng sentido-kumon bago ipatupad ang pagkilos.
2.4.4	Suportahan ang mga pagpoprograma at mga kinakailangang tampok para sa mga espasyong panlabas upang maging lugar sa pagtataguyod ng pakiramdam ng pagiging komunidad at pagbuo ng tiwala, tulad ng sa pamamagitan ng mga regular na nakaiskedyul na event sa komunidad para sa mga naninirahan at bumibisita. Halimbawa, sa mga parke ng estado, kabilang dito ang mga konsyerto at mga pangkultura at lokal na event sa outdoors na nauugnay sa mga kasaysayan at kuwento tungkol sa parke.
2.4.5	Tuklasin ang mga pagsusumikap sa loob ng ahensya upang matugunan ang mas malawak na hamon sa lipunan pagdating sa pampublikong kaligtasan sa mga espasyong panlabas, at upang suriin ang patuloy na pag-unlad.
2.4.6	Tuklasin ang mga karagdagang Kasulatan ng Kagkakaunawaan at kasunduan na nauugnay sa mga responsibilidad sa pampublikong kaligtasan sa pulis ng tribo, mga opisyal ng tribo sa pampublikong kaligtasan, mga opisyal ng tribo sa pagsunod hinggil sa kapaligiran, at mga opisyal ng tribo.

2.5. Gumawa ng pagpoprogramang nakasentro sa nasa hustong gulang at kabataan sa mga espasyong panlabas upang magbigay ng inspirasyon at bumuo ng kumpiyansa sa iba't ibang gumagamit ng rekreasyon.

2.5.1	Patuloy na palawakin ang mga partnership sa at bigyan ng insentibo ang mga grupong nakabase sa komunidad, kabilang ang mga organisasyon ng serbisyong pangkalusugan at pangkomunidad, upang magbigay ng paulit-ulit na pagpoprograma at libre o abot-kayang transportasyon sa mga espasyong panlabas para sa mga kabataan, pamilya, nakakatanda at matatanda, mga taong may kapansanan, at mga kulang ang access sa mga mapagkukunan na iyon.
2.5.2	Kumuha ng feedback mula sa komunidad anuman ang edad upang maunawaan kung aling uri ng mga aktibidad na gusto nila at ng mga kasanayang panrekreasyon ang gusto nilang matutunan sa pamamagitan ng mga survey, pagpupulong ng komunidad, o event.
2.5.3	Simulan ang kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya sa California Department of Education, California Environmental Protection Agency, California Department of Food and Agriculture, California Health and Human Services Agency, at California Commission on Aging upang gumawa ng regular na pagpoprogramang pang-edukasyon at siyensyang pangkomunidad sa outdoors para sa mga bata at kabataan, nakakatanda, at matatanda. Dapat hikayatin ng mga programa ang pagkatuto sa pagitan ng mga henerasyon, magbigay ng mga benepisyong pangkalusugan ng kalikasan, itaguyod ang koneksyon sa komunidad, magbigay ng inspirasyon sa pangangalaga ng kapaligiran at pagboboluntaryo, at pagsusulong ng kaugaliang walang iiwang kalat.
2.5.4	Makipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon at lokal na mga distrito ng paaralan na hilingin ang literasiyang pangkapaligiran na angkop sa kultura, pakikipag-ugnayang pansibiko, at pangangasiwang pangkapaligiran sa edukasyong K-12.

2.6. Palitan ang pangalan pangheograpiyang tampok at lugar na nakakasakit at nanghahamak sa buong espasyong panlabas upang matugunan ang mga pagkakamali sa kasaysayan at lumikha ng mga ligtas at ingklusibong espasyo.

2.6.1	Magsagawa ng maaga, madalas, at makabuluhang konsultasyon sa mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California upang matukoy ang mga pangheograpiyang tampok at lugar na may pangalang at tukuyin ang mga pamalit na pangalan na nagbibigay ng parangal at gumagalang sa mga wika ng tribo, pangalan ng mga lugar na ito ng tribo na nakakasakit at mapanghamak bago unang makipag-ugnayan sa panlabas na mundo, at mga kasaysayan ng tribo.
2.6.2	Makipagtulungan sa California Advisory Committee hinggil sa pagpapatupad ng Assembly Bill 2022 hinggil sa mga Pangalan ng Lugar upang matugunan ang mga nakakasakit at nanghahamak na mga pangalan ng pangheograpiyang tampok at lugar. ⁴²

Kumikilos na Outdoors for All

Muling Pagsusuri sa Ating Inisyatiba sa Nakaraan

Noong Setyembre 25, 2020, magkakasamang inanunsyo ng California Natural Resources Agency, California Department of State Parks and Recreation, at CalTrans ang [Inisyatibang Muling Pagsusuri sa Ating Nakaraan](#) – isang pagsusumikap sa buong estado na siyasatin, suriin at remedyuhan ang mga pangalan sa mga parke ng estado (kabilang ang mga tampok na tulad ng mga trail, sa loob ng sistema ng mga parke ng estado), mga monumento at sistema ng transportasyon na may mga ugat na rasista at nagdidiskrimina. Nakikipagtulungan ang mga ahensya ng estado sa tribo ng Katutubong Amerikano sa California, unibersidad, at mga katuwang sa komunidad upang matugunan ang mga tinukoy na termino. Noong Setyembre 30, 2021, isang taon pagkatapos ilunsad ang inisyatiba, nakakaisang bumoto ang California State Parks at Recreation Commission na palitan ang pangalan ng Patrick's Point State Park ng Sue-meg State Park, upang bigyan ng karangalan at ipagdiwang ang lugar na ito na may kahalagahan sa komunidad ng Yurok.

Prioridad 3: Ikonekta ang mga Tao at ang Labas

Ang mga balakid sa transportasyon, na nauugnay sa impormasyon, pang-administratibo, at pinansyal ay naglilimita sa mga taga-California na mapuntahan ang mga espasyong panlabas. Sa pamamagitan ng Outdoors for All, dadagdagan ng estado ang kaalaman ng mga taga-California tungkol sa kung aling mga espasyong panlabas ang nasa malapit lang, anong mga aktibidad na panrekreasyon ang magagawa nila roon, at kung gaano nila kaligtas na mapupuntahan ang mga espasyong ito sa pamamagitan ng bisikleta, bus, kotse, o paglalakad. Padadaliin din ng estado ang mga proseso ng mga singil sa pagpasok, pagpapareserba, permit, kagamitan at mga klase na kailangan para sa ilang kagamitang pang-outdoors upang madagdagan ang pag-access, lalo na para sa mga kulang sa serbisyong komunidad.

Makakagawa ng pag-unlad ang estado sa pagkonekta sa mga tao sa outdoors kapag:

- Ang mga bumibisita sa mga espasyong panlabas ng California ay kumakatawan sa dibersidad ng estado.

Mga Istratehiya:

3.1. Gawing mas madaling hanapin at maunawaan ang impormasyon tungkol sa mga parke at panlabas na espasyo ng California

3.1.1	Tuklasin ang mga oportunidad upang pag-isahin, gawing pamantayan ang impormasyon ng mapa tungkol sa kung paano at saan maa-access ang mga aktibidad sa outdoors at panrekreasyon sa buong California, na ginagawang madaling mahanap at maunawaan ang impormasyon. Makipagtulungan sa mga pangunahing katuwang upang pagsamahin ang impormasyon tungkol sa mga parke at sa outdoors mula sa antas na lokal hanggang pederal.
3.1.2	Tuklasin ang sosyohang pampubliko-pribado upang gumawa ng kampanya ng pampublikong impormasyon sa maraming wika at ibahagi ang kasangkapan sa itaas sa pamamagitan ng iba't ibang lugar, tulad ng mga pampublikong pagpupulong, network ng mga tumatanggap ng gawad, at marami pa.

3.2. Tuklasin ang mga oportunidad upang maghandog ng libreng broadband sa mga ari-arian ng estado na panrekreasyon, pangkultura at makasaysayan, na nagpapahintulot ng mas higit pang maa-access na impormasyon, inklusibong pagkakararula, pagpoprograma, at konektibidad upang matugunan ang mga pag-aalala sa kaligtasan

3.2.1	Makipag-ugnayan sa State Parks hinggil sa pagpapatupad ng mga mithiin sa broadband alinsunod sa nalalapit na istrayehikong plano.
3.2.2	Pangasiwaan ang kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya, kabilang ang pakikibahagi sa Broadband Council at sa iba't ibang inisyatiba nito, upang samantalahin ang pederal na pagpopondo para sa mga pagsusumikap para sa broadband.

3.3. Pahusayin at gumawa ng mas higit pang luntian, naa-access, ligtas, aktibo, pampubliko, at ginagamit ng lahat na opsyon sa transportasyon na nag-uugnay sa outdoors at mga komunidad.

3.3.1	Unahin ang mga koridor ng aktibong transportasyon na may maraming benepisyo, kabilang ang mabeberdeng daanan at landas na ligtas na nagkokonekta sa mga taong may destinasyong panrekreasyon, lokasyon ng trabaho, at sentrong pangkomunidad
3.3.2	Makipagtulungan sa mga distrito ng paaralan upang magbigay ng access sa transportasyon upang ikonekta ang mga kabataan sa outdoors at mga oportunidad na panrekreasyon.
3.3.3	Ipagpatuloy ang pagpopondo at tuklasin ang mga oportunidad upang mapalawak ang mga gawad na nagtataguyod ng mga malikhain at abot-kayang opsyong pantransportasyon, kabilang ang mga gawad na Route to Parks ng Explore the Coast and Parks California.
3.3.4	Tukuyin ang mga oportunidad na makipagkoordinar sa mga katuwang transit – kabilang ang mga serbisyong transportasyon at mga ahensyang nagpaplano, pati na ang lokal na provider ng paratransit – upang madagdagan ang mga opsyon sa transit sa mga parke ng estado.

Kumikilos na Outdoors for All

Ang Dennis T. Machida Memorial Greenway

Ang mga proyekto ng kagubatan at pagluluntian ng kalunsuran ay maaaring gamitin bilang kasangkapan upang gawing mas ligtas at mas tumatanggap ang mga aktibong daanan ng transportasyon para sa paglalakad at pagbibisikleta. Kabilang sa mga modelong proyekto ang Dennis T. Machida Memorial Greenway sa South Lake Tahoe na binuo ng California Tahoe Conservancy, El Dorado County, at ilang katuwang. Ang Greenway ay lubusang maa-access na trail na ginagamit ng mga bumibisita at residenteng naghahanap ng access sa mga trail at dalampasigan, mga estudyanteng pumapasok sa mga kalapit na paaralan, at mga manggagawang pumupunta at nagmumula sa trabaho.

Proyektong Connected Communities

Ang Proyektong Connected Communities sa Lost Sierra ay nagbibigay ng modelong may maraming kapakinabangan na sumusuporta sa kagalingang pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkapaligiran ng rehiyon. Pinamumunuan ng Sierra Buttes Trail Stewardship, pederal na tagapamahala ng lupain, at katuwang sa komunidad, bisyon ng proyekto ang magbigay ng kaugnayan sa trail na may maraming gamit sa pagitan ng 15 komunidad sa anim na county ng Sierra. Bumubuo ito ng ekonomiyang nakapokus sa rekreasyon at naghahatid ng mga trabaho sa lugar na hinahamon ng ekonomiya na lubos na naapektuhan ng malalaking sunog. Hanggang sa kasalukuyan, namuhunan ang Sierra Nevada Conservancy ng mahigit \$1.4 milyon upang lumikha ng Connected Communities trails master plan at tumulong na pondohan ang mga bahagi ng pagpapatupad na ito.

3.4. Tuklasin ang mga paraan ng pagbibigay ng libreng access sa mga parke ng estado ng California para sa mga komunidad na may mababang kita.

3.4.1	Patuloy na pahasayin ang promosyon ng at bawasan ang mga balakid sa pag-access ng Golden Bear Pass at ng Distinguished Veteran's Pass, na nagbibigay ng libreng pagpasok sa mga parke ng estado ng California sa lahat ng tumatanggap ng CalWORKs at SSI, at Temporary Assistance for Needy Families (TANF), adultong mahigit nang 62 taong gulang at mga beterano ng California. Gawin ang gayundin sa Disabled Discount Pass, na magbibigay ng 50% na diskwento para sa paggamit ng sasakyan, camping ng pamilya, at mga bayad sa paggamit ng bangka sa mahigit 100 parke ng estado.
-------	--

3.4.2	Patuloy na tumuklas ng nakapokus at mapapanatiling programa ng Adventure Pass at Library Parks Pass na nagpapahintulot sa mga taga-California, partikular na ang mga nagmumula sa mga komunidad na may mababang kita na ma-access ang mga piling parke ng estado nang libre. Ilaangkop ng mga programang ito ang mga leksyong natutunan mula sa mga matagumpay na sinimulang proyekto.
-------	--

3.5. Suportahan ang mga miyembro ng tribo na nag-aani ng mahahalaga sa kulturang materyal sa mga espasyong panlabas

3.5.1	Kung saan posible at sa pamamagitan ng mga kasunduan sa mga tribo, alisin ang mga kinakailangan sa permit para sa mga miyembro ng tribo na mag-ani ng mahahalaga sa kulturang materyal sa mga lupain at anyong tubig ng estado, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga pinamamahalaan ng: State Parks, Fish and Wildlife, ng Department of Water Resources, at mga lupon ng konserbasyon.
3.5.2	Suportahan ang mga nursery ng halaman na pinamamahalaan ng mga tribo, sa pamamagitan ng mga kasalukuyang naka-budget na programa. Tuklasin ang pagpapadali ng mga proseso ng pakikipagkontrata para sa mga nursery na ito kapag kailangan ang mga katutubong kalaman para sa mga proyekto ng pagpapanumbalik na pinatatakbo ng estado.
3.5.3	Suportahan ang pangmatagalan at mapapanatiling paglago ng mga katutubo at tradisyonal na mahahalagang halaman sa mga pampublikong lupain na pinamamahalaan o kasamang pinamamahalaan ng mga tribo sa pamamagitan ng mga pangkulturang gawain at Traditional Ecological Knowledges para sa pagtitipon at seremonya ng mga tribo. Unahin ang mga lokasyon na madaling maa-access ng mga miyembro ng tribo anuman ang edad at kakayahan at limitahan ang hindi pantribong paggamit o pag-ani ng mga materyal.

3.6. Tuklasin ang mga pampubliko-pribadong partnership upang suportahan ang pahiraman ng mga kagamitan at mga outing at klase sa mababang halaga sa mga espasyong panlabas.

3.6.1	Makipagtulungan sa mga panrehiyong distrito ng parke, at lokal na organisasyon upang idaos at palawakin ang mga pahiraman ng mga kagamitan sa mga espasyong panlabas sa buong estado, kabilang ang programang FamCamp® sa loob ng mga parke ng estado at mga wheelchair na nagpapadali sa pag-access sa dalampasigan at iba pang outdoor.
3.6.2	Tuklasin ang mga oportunidad na magbigay ng mga diskuwento sa mga kagamitan, outing, mga patnubay sa outdoor, klase sa mga kasanayan, at iba pang accessible programming sa mga komunidad na kulang sa serbisyo. Maaaring masimulan ito sa mga tumatanggap ng gawad mula sa Outdoor Equity Grants Program at Youth Community Access Grant

	Program.
--	----------

Kumikilos na Outdoors for All

FamCamp®

Binabawasan ng mga pahiraman ng kagamitan ang gastos sa kagamitan, sinasanay ang mga lider at edukador ng grupo na may kasanayan sa outdoors na pamunuan ang mga paglalakbay at binibigyan ng kapangyarihan ang iba't ibang tao na gustung-gusto ang outdoors. Pinatatakbo ng State Parks at California State Parks Foundation ang FamCamp®, isang programa sa buong estado na nagpapakilala sa mga kulang sa serbisyong komunidad ng California na sa ibang paraan ay hindi magkakaroon ng oportunidad na magkaroon ng magdamagang karanasan sa rekreasyon sa outdoors. Ang programang FamCamp® ay nagbibigay ng trailer na puno ng kagamitan na pang-camping at isang campsite na nakareserba sa State Park. Ang kampo ay karaniwang matatagpuan malapit sa kalunsuran ay mapupuntahan sa panahon ng camping. Ang mga organisasyong pangkomunidad ay nakikibahagi sa pagsasanay na pinamumunuan ng State Parks upang makakuha ng access sa programang FamCamp®; pagkatapos ay iniimbitahan ang mga miyembro ng komunidad na makibahagi.

3.7. Unahin ang pagpopondo at pagpapahusay ng proseso para sa pagpapatayo ng mga nasa mas mababang halagang pangmagdamag na akomodasyon.

3.7.1	Isaalang-alang ang mga insentibong pinansyal at nagbibigay ng permit para sa mga umiiral at bagong developer ng nasa mas mababang halaga na pangmagdamag na akomodasyon.
3.7.2	Pahusayin ang proseso para sa pagpapatayo ng mga nasa mas mababang halagang pangmagdamag na akomodasyon.

Kumikilos na Outdoors for All

Tuklasin ang Programang Coast Overnight

Malapit na nagtulungan ang State Coastal Conservancy, ang California Coastal Commission, at State Parks upang buuin at ipatupad ang programang Explore the Coast Overnight upang mapabilis ang pagpapabuti ng kasalukuyan at ang pagpapaunlad ng bagong nasa mas mababang halagang coastal upang mapaglingkuran ang mga pamilyang may mababa at katamtamang kita. Ang ulat

na Explore the Coast Overnight ay kinumpleto noong Marso ng 2019. Sa \$60 milyong sa pagpopondo mula sa Proposisyon 68 at bilang kapalit ng mga singil na kinolekta ng Coastal Commission, ilang cabin sa kampo, at proyektong hostel ang naipano at naipatupad. Kabilang sa mga halimbawa ang Tijuana River Valley Regional Park Campground, Crystal Cove Cottages, at JugHandle Creek Farm at Nature Center.

3.8. Unahin ang mga partnership sa mga hindi pangkalakal na organisasyon na nagbibigay sa mga kabataan at pamilyang mula sa mga pangharap na komunidad ng access sa mga lupain ng estado sa pamamagitan ng pinangangasiwaang pagpoprograma

3.8.1	Sa pahintulot mula sa mga hindi pangkalakal na organisasyon na kabahagi ng mga kasunduan, lumikha ng aklatan ng mga Kasulatan ng Pagkakaunawaan (MOU) at iba pang mga kasunduan ng pagtutulungan upang magsilbi bilang mga halimbawa upang makatulong na mapabilis ang mga proseso ng partnership sa pagitan ng pederal, estado at at lokal na pamahalaan.
-------	--

Prioridad 4: Lumikha Kasama ang mga Komunidad

Ang mga parke at iba pang espasyong panlabas ay para sa kapakinabangan ng publiko na dapat mapaglingkuran ang iba't ibang pangangailangan ng lahat ng taga-California. Patuloy na maghahangad ang estado ng maaga, madalas, at makabuluhang pagsangguni sa mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California at gawing bahagi at isentro ang mga komunidad sa pagpapalano at pagpoprograma, na kahanay ng umiiral na patakaran ng estado. Nakakatulong ang mga pagkilos na ito upang matiyak ang pagiging inklusibo at na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga komunidad sa makabuluhang paraan.

Nakikita ng estado ang mga tribo at miyembro ng komunidad bilang mga tunay na katuwang sa pagdidisenyo at pamamahala ng mga parke at espasyong panlabas at naghahangad na higit pang ipagdiwang at suportahan ang kanilang gawain. Gagabayan ng mga pagkilos na ito ang pamamaraan ng estado ng pakikipagtulungan sa mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California at mga organisasyon sa komunidad, at nagtatatag ng kanilang kapasidad na makibahagi sa pagtutulungang pagpapalano na pangmatagalan.

Magkakaroon ng pag-unlad ang estado sa pagsasakatuparan ng Outdoors for All kapag, sa pakikipagtulungan sa mga prioridad ng Natural Resources Agency na katarungan sa tribo, ekidad at kapaligiran:

- Tumutugon ang estado sa at pinagsasama ang mga prioridad ng mga kulang sa serbisyong komunidad, kabilang ang mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California.
- Ang mga kulang sa serbisyong komunidad, kabilang ang mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California, ay madaling makakasali sa mga proseso ng paggawa ng desisyon.

Mga Istratehiya:

4.1. Magsagawa ng maaga, madalas, at makabuluhang pakikipagsangguni sa tribo nang may mithiing pahasayin ang pakikipagtulungan at kolaborasyon sa tribo.

4.1.1	Sa pahintulot mula sa mga tribo na kabahagi ng mga kasunduan, lumikha ng aklatan ng mga Kasulatan ng Pagkakaunawaan (MOU) at iba pang mga kasunduan ng pagtutulungan upang magsilbi bilang mga halimbawa na makatulong sa pangangasiwa sa mga samahan ng mga pantribo, pampederal, pang-estado, panrehiyon, at lokal na pamahalaan. Magbahagi ng karagdagang pananaliksik, sanggunian, at pagsasanay upang suportahan ang mga pagsusumikap ng pantribo, pang-estado, panrehiyon, at lokal na pamahalaan upang bumuo ng mga kolaboratibong samahan.
4.1.2	Tuklasin ang pagpapasimple ng mga proseso ng pagbibigay ng permit at iba pang mga pakikipagkasundo sa mga tribo upang madagdagan ang pag-access ng tribo sa at magamit ang mga lupain ng mga ninuno at likas na yaman.
4.1.3	Hikayatin at beripikahin ang mga makahulugang pakikipagtulungan at kolaborasyon ng mga tribo sa mga aplikante ng pamahalaan na hindi tribo na humihingi ng mga pondong gawad ng estado.

4.2. Imbitahan ang isama ang makabuluhang pakikipagsangguni sa tribo at pakikibahagi ng komunidad sa mga proseso ng paggagawad.

4.2.1	Bigyang-diin ang kahalagahan ng pakikipagsangguni sa tribo at pakikibahagi ng komunidad sa mga aplikasyon sa gawad para sa pag-access sa outdoors at pagpapaunlad ng parke sa pamamagitan ng mga proseso ng pagdisenyo na may kinalaman ang mga residente, lalo na ang mga kulang sa serbisyong komunidad, sa kabuuan ng proseso ng proyekto, kabilang ang pagkuha at pamamahala ng lupain. I-apply ang pinakamahuhusay na kasanayan para sa pakikipagtuwang sa komunidad mula sa kasalukuyang matagumpay na modelo, halimba, Tuklasin ang Baybayin at Pambuong Estadong Pagpapaunlad ng Parke at Programang Pagpapasigla ng Komunidad.
4.2.2	Isaalang-alang ang mga oportunidad na gawing kabahagi ang mga miyembro ng komunidad sa paggawa ng desisyon hinggil sa gawad, tulad ng pagdadagdag ng mga kinatawan ng komunidad sa mga pangkat na nagrerepaso ng aplikasyon gaya ng gawain sa mga gawad ng Pag-access ng Komunidad ng Kabataan ng Natural Resources Agency.

4.3. I-update ang mga aplikasyon sa gawad ng Natural Resources Agency at ng mga departamento nito upang madagdagan ang suporta at mabawasan ang mga hadlang para sa mga kulang sa serbisyong komunidad, kabilang ang mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California, at ng mga organisasyong naglilingkod sa kanila

4.3.1	Suriin ang mga oportunidad na bawasan ang mga kinakailangan para sa aplikasyon at pag-uulat ng gawad, at upang maipatupad ang iba pang mga mahuhusay na kasanayan upang mabawasan ang mga pang-administratibong balakid at pasanin, habang pinananatili ang pananagutan.
4.3.2	Isaalang-alang ang paghihiwalay ng mga mapagkukunan ng pondo sa loob ng mga kasalukuyang programang gawad para sa maliliit at malalaking organisasyon upang mabawasan ang kawalan ng pagkakapantay-pantay sa pagpopondo at tiyakin na maa-access ng mas maliliit na organisasyon ang mga mapagkukunan ng estado. Sa katulad na paraan, isaalang-alang ang paglalaan ng pagpopondo para sa mga tribo at komunidad sa kanayunan upang matiyak na may pagpopondong tumutugon sa mga natatangi nilang pangangailangan. Maaaring imodelo ang mga ito sa umiiral na mga gawad na pagpapaunlad ng mga parke kada tao .
4.3.3	Dagdagan ang kakahayan ng mga kawani na mag-alok at maggawad ng mga aplikasyon sa mga wikang bukod sa Ingles.
4.3.4	Tuklasin ang mga oportunidad na pondohan ang teknikal na tulong sa pamamagitan ng mga pondo ng lokal na tulong sa mga pinakakulang sa serbisyong komunidad upang itatag ang kanilang kakayahan na makapag-apply para sa pondo at makibahagi sa pagtutulungang mga pagsisikap.
4.3.5	Pulungin ang mga kawani ng Ahensya upang matukoy at maipatupad ang pinakamahuhusay na kasanayan para sa gawing mas naa-access ang mga pagkakaloob at patas ito para sa mga kulang sa serbisyong komunidad at mga organisasyon nagseserbisyo sa kanila.

Vamos a Pescar

Noong 2022, naghandog ang California Department of Fish and Wildlife ng mga [Ingles at Espanyol](#) na mga aplikasyon para sa kanilang [Vamos a Pescar](#) na programa ng gawad sa komunidad. Pinopondohan ng programang gawad na ito ang mga programa, klase at aktibidad ng pangingsda na nakatuon sa pagbibigay ng impormasyon at pakikibahagi ng mga kalahok na may dibersidad, iba't ibang henerasyon, dalawa/maraming wika na baguhan pagdating sa pangingsda,

pamamangka at pangangalaga sa mga anyong tubig sa California.

Kumikilos na Outdoors for All

Mga Gawad na WHALE TAIL®

Mula pa noong 1998, sinuportahan ng mga [Gawad na WHALE TAIL®](#) ng Coastal Commission ang edukasyong karanasan at pangangalaga sa baybayin at watershed ng California na may pagbibigay-diin sa ekidad, pagkamaa-access, at inklusyon, pakikibahagi ng mga komunidad na sa kasaysayan ay nagkaroon ng kakaunting oportunidad dahil sa mga sistemiko at pangheograpiyang hadlang. Noong 2021-2022, nakipagtulungan ang mga kawani sa Justice Outside upang magsagawa ng masinsinang pagrerepaso upang mapabuti ang kung paano ipinapatupad ang pokus na ito sa kabuuan ng buhay ng siklo ng gawad, mula sa mga pag-aanunsyo ng pagpopondo hanggang sa pagpili at pagpapatulad ng mga mungkahi. Isang ulat sa pagsusuri ng ekidad ang inilabas upang ilarawan ang mga ginawang pagbabago, kabilang ang mga pagbabago sa mga materyal para sa aplikasyon, dinagdagang pakikipag-ugnayan, mga pagpapabuti sa proseso ng pagpili, at mga pag-aayos sa mga patakaran at iniaatas sa aplikante at tumatanggap ng gawad. Sinuportahan ng mga pagbabagong ito ang pagpapatupad ng mas pantay na pag-access sa baybayin at mga programang pang-edukasyon; at dinagdagan ang abot at epekto ng programa sa buong California.

4.4. Makipagtulungan sa iba pang mga ahensya upang makabuo ng pinakamahuhusay na gawain para sa mga pampublikong pagpupulong na madadaluhan ng mga taong may mga kapansanan, at dagdagan ang pakikibahagi ng mga pangharap na komunidad sa pamamagitan ng access sa wika at mas higit pang kalinawan at edukasyon tungkol sa mga proseso ng estado

4.4.1	Suportahan ang mga umiiral na pagsusumikap upang madagdagan ang pag-access at pag-iba-ibahin ang pakikibahagi sa mga pampublikong pagpupulong sa kabuuan ng Natural Resources Agency, na magbabagi ng mga epektibong istrategiya na maaaring mapalitan o mapalawak.
4.4.2	Regular na makipag-usap at magbahagi ng impormasyon sa maraming wika sa lokal na pamahalaan at mga katuwang na nakabase sa komunidad tungkol sa mga proseso ng pampublikong pagpupulong, mga panahon ng pagkokomento, at mga abiso sa pondo at magbigay ng gabay sa kung paano makikibahagi ang kanilang mga miyembro.

4.4.3	Makibahagi sa mga pinagkakatiwalaang mensahero sa komunidad, tulad ng mga tribu at mga organisasyong nakabase sa komunidad, upang ipalaganap nang direkta sa kanilang mga komunidad ang impormasyon tungkol sa proseso ng paggawa ng desisyon ng ahensya.
-------	---

Kumikilos na Outdoors for All

Muling Pagsasaalang-alang sa Big Basin

Kasunod ng malaking sunog sa kalikasan noong 2020 na sumira sa Big Basin Redwoods State Park, ginawang kabahagi ng mga State Parks ang mga apektado at ang publiko sa isang proseso upang [muling isipin ang kinabukasan ng Big Basin](#). Ang proseso ng Muling Pag-iisip sa Big Basin ay nagbigay ng mga update hinggil sa mga kondisyon ng parke at mga pagsusumikap para makabangon, nagbigay ng mga mapagkukunang nagbibigay ng impormasyon at edukasyon tungkol sa mga hamon at oportunidad ng muling pagtatatag, at humingi ng saloobin tungkol sa bisyon para sa kinabukasan ng parke sa pamamagitan ng mga event, webinar, survey, at isang website.

4.5. Makipagtulungan sa Tanggapan ng Gobernador upang mapahusay ang mga pagsusumikap na makipag-ugnayan para sa mga posisyong hinihirang sa mga lupon at komisyon ng Natural Resources Agency upang madagdagan ang pagkatawan sa komunidad.

4.5.1	Suportahan ang pagdagdag sa pakikipag-ugnayan ng tribo at komunidad para sa mga proseso ng aplikasyon ng lupon at komisyon.
4.5.2	Tuklasin kung paano maaaring isulong ang mga posisyong hinihirang at suportahan ang mithiin ng estado para sa pantay na pag-access.

4.6. Tukuyin ang mga oportunidad para magkasama ang mga pamahalaan ng tribo at organisasyong nakabase sa komunidad na lumikha at mamahala sa mga parke at espasyong panlabas

4.6.1	Tukuyin ang mga oportunidad at pinakamahuhusay na gawain para sa magkasamang paglikha ng mga pagpoprogramang pang-edukasyon at interpretibo at magkasamang pamamahala sa mga lupain at katubigan sa mga pamahalaan ng tribo at organisasyong nakabase sa komunidad, kung saan at kung ninanais ng mga komunidad na ito.
-------	---

4.7 Patuloy na paglaguin ang kakayahan ng Natural Resources Agency sa kapaki-pakinabang na pakikibahagi ng mga komunidad na kulang sa serbisyo.

4.7.1	Isaalang-alang na mag-develop ng set ng universal standard para sa pantay na pakikipag-ugnayan sa pag-apply sa mga proyekto ng pagde-develop ng parke at mga programa ng pag-access sa outdoor sa lahat ng department.
-------	--

[Chah-pekwo O' Ket'-toh "Stone Lagoon" Visitor Center](#) and [El Presidio de Santa Bárbara State Historic Park](#)

Kumikilos na Outdoors for All

Mga Kasunduan sa Magkasamang Pamamahala

Ang [Chah-pekwo O' Ket'-toh "Stone Lagoon" Visitor Center](#) at ang [El Presidio de Santa Bárbara State Historic Park](#) ay nagsisilbi bilang dalawang halimbawa ng mga kasunduan ng magkasamang pamamahala sa pagitan ng mga State Parks at pamahalaan ng tribo at organisasyong nakabase sa komunidad. Pinamamahalaan ng Direktor ng Yurok Cultural Resources at Opisyal ng Preserbasyon ng Tribal Heritage na si Chahpekwo O' Ket'-toh, ang "Stone Lagoon" Visitor Center ay mayroon na ngayong mga digital at kumbensyonal na display na sumasalamain sa matagal nang koneksyon ng kultura ng Tribo sa lawa. Kumuha ang Tribo at State Parks ng mga interpreter ng Yurok upang ibahagi ng kasaysayan ng Tribo mula bago makipag-ugnayan ang mga katutubo sa mundo sa labas hanggang sa panahon sa kasalukuyan. Patungo sa baybayin, ang El Presidio de Santa Bárbara State Historic Park ay pinataakbo ng Santa Barbara Trust for Historic Preservation sa ilalim ng kasunduan sa pagpapatakbo sa California State Parks. Malapit na nakikipagtulungan ang Trust sa California State Parks, Lungsod ng Santa Barbara, County ng Santa Barbara, at iba't ibang pangkultura at pang-edukasyon na nasasakupan upang akitin at magbigay ng impormasyon sa malawak na bumibisita sa pamamagitan ng mga proyekto nito ng pagpapanumbalik, mga eksibit, demostrasyon ng buhay na kasaysayan, pampublikong kaganapan et pagtuturo, at mga programa ng pampublikong paaralan.

Prioridad 5: Bumuo ng Pantay na mga Daan sa Karera at isang Kinatawagang Puwersa ng Paggawa

Credit ng larawan: Mga miyembro ng California Conservation Energy Corps na nag-iinstall ng equipment. Credit: California Conservation Corps.

Sino ang babati sa mga bumibisita sa mga parke? Sino ang mamumuno sa mga programa sa mga espasyong panlabas na nagkukuwento sa mga istorya ng California? Sino ang gagawa ng mga desisyon tungkol sa hinaharap ng mga lupain at katubigan ng estado? Ang mga kasaysayan at pagkakakilanlan ng mga taong bumubuo sa mga manggagawa sa kapaligiran at outdoors ng California ay nakakaapekto kung saan matatagpuan ang mga espasyong panlabas, para kanino nakadisenyo ang mga ito, at kung saan ipapamahagi ang pagpopondo.

Ang mga manggagawa na nagpapaaninag ng pagkakasari-sari ng mga tao sa California ay isang mahalagang bahagi ng Outdoors for all. Pinangyayari nito na makita ng mga taga-California ang kanilang sarili na ipinapaaninag ng mga iyon na sila ay katiwala sa mga espasyong panlabas, nagtataguyod ng pagkadama na pagiging ligtas at kabilang, at nagpapasigla sa mga susunod na henerasyon na maging katiwala ng kapaligiran.

Tinatrabaho na ng Natural Resources Agency at ng mga departamento nito ang paggawa ng mga sistema na nagre-recruit at nagpapanatili ng talentadong kawani na eksperto kapwa sa nauugnay na paksa at sa mga komunidad na siniserbisyuhan nila.

Patuloy na isusulong ng estado ang mgaistratehiya sa pagbuo ng puwersa ng paggawa sa loob ng Outdoors for All na kahanay ng mga prioridad ang pagbuo ng mga manggagawa at ekidad. Ang mgaistratehiyang nakalista sa ibaba ay bahagi ng pangkalahatangistratehiya ng Agency upang malinang ang pantay na puwersa ng paggawa, at kailangan ang kanilang tagumpay sa pagsasakatuparan ng Outdoors for All. Marami sa mgaistratehiyang ito ay isinasagawa na sa pamamagitan ng kolaborasyon sa pagitan ng Natural Resources Agency at mga lider ng departamento at mga kawani.

Ang pinagbabatayan upang maisakatuparan ang pag-unlad at masukat ang tagumpay ay magsisimula sa:

- Lahat ng antas ng manggagawa sa outdoors at likas na yaman ay

sumasalamin sa dibersidad ng California.

Mga Istratehiya:

5.1. Iugnay ang mga programa ng internship at pangkat ng konserbasyon at iba pang mga programa ng pagpapaunlad ng karera sa karera kasama ng estado

5.1.1	Tukuyin ang mga klasipikasyon para king saan ang mga kinakailangan sa pang-entry level nito ay matutugunan ng panahong ginugol sa California Conservation Corps (CCC). Tuklasin ang mga oportunidad para iangkop ang istratehiyang ito sa iba pang mga lokal na programa ng pangkat ng konserbasyon.
5.1.2	Tuklasin ang pakikipagtulungan sa mga institusyon at organisasyong pang-edukasyon at naglilingkod sa mga kabataan upang tanggapin ang mga programa ng may bayad na internship sa Natural Resources Agency.
5.1.3	Suportahan ang partnership sa Tribal Temporary Assistance for Needy Families na mga programa ng pagpapaunlad ng karera upang paunlarin ang espesipikong landas tungo sa mga karerang likas na yaman ng estado.

Kumikilos na Outdoors for All

Mga Pamantayan ng Pagsasanay sa Hand Crew Firefighter

Binago ng CAL FIRE ang mga pamantayan nito ng pagsasanay sa Hand Crew Firefighter nang sa ngayon ay maging ganap na kuwalipikado ang mga miyembro ng Corps sa CAL FIRE Hand Crew na mag-apply para sa trabaho sa posisyon ng CAL FIRE Firefighter Hand Crew bilang Firefighter I (Bumbero I).

5.2. Pahasayin ang istratehiko at inklusibong pakikipag-ugnayan pagpoprograma para sa karera sa pamamagitan ng mga dedikadong kawani sa Career Center ng Natural Resources Agency.

5.2.1	Gawing mas mapupuntahan ang proseso ng pagkuha ng estado ng kawani sa pamamagitan ng pagsuporta at pakikibahagi sa mga pantribo at lokal na career fair at sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga buwanang workshop sa mga departamento, komisyon, at lupon ng konserbasyon ng Natural Resources Agency.
-------	--

5.2.2	Samantalahin ang mga koneksyon ng estado sa mga pamahalaan ng tribo at mga organisasyong nakabase sa komunidad upang ipamahagi ang mga pagpapaskil ng trabaho sa loob ng mga komunidad na pinaglilingkuran nila at sa paraang nauukol sa mga komunidad. Makipagtulungan sa mga katuwang ng pederal upang palawakin ang epekto.
5.2.3	Dagdagan at unahin ang pagkuna ng mga residente sa lokal na tribo at komunidad upang punan ang mga tungkulin ng mga kawani sa buong Natural Resources Agency at sa mga entidad nito, kabilang ang mga tungkulin sa mga espasyong panlabas, mga lugar na pangkultura at makasaysayan, pampublikong kaligtasan, at mga museo.
5.2.4	Sa pagpoprograma ng Natural Resources Agency, humanap ng mga paraan para ikonekta ang mga kasalukuyang kawani at mga kawani sa hinaharap sa mga serbisyo, mapagkukunan, at mga oportunidad sa karera sa Career Center.
5.2.5	Imbitahan at hikayatin ang mga katuwang sa tribo, estudyante, organisasyong hindi pangkalakal, organisasyong pangkabataan, at mga organisasyong serbisyong panlipunan na bisitahin ang Career Center at gawing aktibo ang mga serbisyo nito.

5.3. Ipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga grupong gumagawa sa loob ng Agency at California Department of Human ResourcesHR upang muling suriin ang mga klasipikasyon ng trabaho, mga proseso ng pagkuha ng kawani at iba't ibang sahod.

5.3.1	Suriin ang mga kinakailangan sa klasipikasyon ng trabaho, tulad ng GPA sa kolehiyo, pormal na karanasan, edukasyon, at katayuang legal o dating nakulong, upang malaman kung mahalaga ang bawat kinakailangan sa pagganap ng mga empleyado o lumilikha ng mga hindi kinakailangang hadlang para makapasok.
-------	--

5.4. Ipagpatuloy ang mga pagsusumikap sa pakikipag-ugnayan ng mga grupong gumagawa sa loob ng Agency upang bumuo ng mga istrategiya sa karera upang suportahan ang mga nakahanay na pagsusumikap sa pagpapanatili ng empleyado.

5.4.1	Patuloy na ipagdiwang buwan para sa pagkakaiba-iba ng kultura at pamana sa pamamagitan ng mga kaganapang panloob at panlabas.
5.4.2	Pahusayin at gumawa ng mga Grupong Mapagkukunan ng Empleyado sa buong Natural Resources Agency upang suportahan ang mga empleyado at magbigay ng espasyo para sa pakikipag-ugnayan.
5.4.3	Magbigay ng suporta sa kasama at programa ng pagme-mentor sa loob ng Natural Resources Agency at sa mga entidad nito upang suportahan ang mga kasalukuyang tauhan at itaguyod ang pagtaas sa puwesto.
5.4.4	Pahusayin ang website sa mga karera ng Natural Resources Agency bilang mapagkukunan ng impormasyon para sa mga bago at kasalukuyang empleyado ng Natural Resources Agency at ng mga entidad nito upang makahanap at mag-apply ng mga trabaho.

Prioridad 6: Ihanay ang Pagpopondo upang Maisakatuparan ang Outdoors for All

Namuhunan ang Administrasyon ng Newsom ng mahigit \$1 bilyon sa petsang ito upang isulong ang kapakanan ng kilusang Outdoors for All. Habang umuusad tayo pasulong, kinikilala ng estado na ang pagpapasulong para sa pagsusumikap na ito ay mangangailangan ng pamamaraang "lahat ay makikibahagi". lahat ng sektor – panrehiyon at pederal na pamahalaan, pilantropo, pribado, at marami pa – na mapakilos ang kilusang ito upang bumuo ng mga espasyong panlabas na mas mabuti sa kalusugan, maa-access, at may kalidad at mga karanasan sa buong estado.. Maipagpapatuloy ng Natural Resources Agency at ng mga departamento nito ang paghahanap ng mga malikhaing oportunidad upang ihanay ang pagpopondo sa lahat ng sektor at sa loob ng mga umiiral na programa at inisyatiba para sa pag-access sa outdoor,. Tukuyin ang mga pamumuhunan sa regular na mga pagpapatakbo, pagpapanatili, at ipinagpalibang pagpapanatili, at tulong sa pagpapaunlad ng kakayahan sa mga pinakakulang sa serbisyong komunidad.

Mga Istratehiya:

61. Bumuo ng imbentaryo ng mga pamumuhunan at epekto ng pantay na access

6.1.1	Makipag-ugnayan sa mga ahensya at departamento ng estado upang tukuyin at imbentaryuhin ang lahat ng pamumuhunan ng estado sa pantay na access.
6.1.2	Tukuyin ang mga paraan upang maipaghambing ang mga epekto gamit ang parehong metriks at tukuyin ang mga oportunidad upang mas mapahusay ang mga pamumuhunan at mapabuti ang pagpoprograma para madagdagan ang epekto.
6.1.3	Patuloy na isulong at pataasin ang pagiging nakikita ng mga kaloob na nauugnay sa pag-access, at mga programang edukasyon sa outdoor para sa mga paaralang inalok sa pamamagitan ng Ahensya.

62 Gawing prioridad ang kahusayan ng mapagkukunan at bawasan ang mga pag-uulit

6.2.1	Makipagtulungan sa lahat ng departamento ng Natural Resources Agency at iba pang mga ahensya ng estado upang madagdagan ang kahusayan at epekto para sa mga proyekto ng pantay na pag-access sa outdoors, tulad ng inisyatibang Cutting the Green Tape.
-------	---

63 Ihanay ang mga umiiral na pinagmumulan ng pagpopondo upang lumikha ng mga proyekto at programang may maraming kapakinabangan.

6.3.1	Makipagtulungan sa estado upang mapagsama ang pantay na access sa mga nauukol at umiiral na pinagmumulan ng pagpopondo.
6.3.2	Maghanap ng mga oportunidad para sa mga gawad na ibinibigay ng estado at ng mga departamento nito na isama ang elemento ng pantay na pag-access. Kabilang dito ang gabay para sa pinakamahuhusay na gawain sa pakikibahagi at paglikha kasama ang mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California at mga kulang sa serbisyong komunidad.
6.3.3	Tukuyin ang mga oportunidad para unahin ang pagpopondo para sa pagpoprograma, paglalagay ng tauhan, at pagbuo ng kapasidad para sa pantay na pag-access, hindi lamang mga pagpapabuti sa kapital, o pagkuha, sa pamamagitan ng mga umiiral nang programa tulad ng Regional Climate Collaboratives ng Strategic Growth Council.
6.3.4	Sukatin at pahalagahan ang mga kapakinabangan ng mga espasyong panlabas pagdating sa pagpapabuti ng kalidad ng hangin sa mga pamantayan at pamamaraan ng pag-score para sa pagpopondo ng Assembly Bill 617.
6.3.5	Isaprayoridad ang mga aplikasyon ng pagkakaloob na nagsusulong ng mga proyektong pag-access na may maraming pakinabang (hal., Outdoors for All, 30x30, Nature-Based Solutions)
6.3.6	Suportahan ang pagpapalano ng proyekto na inaayon at naghahatid ng mga oportunidad ng pondo ng pederal upang palakasin ang pondo ng estado para sa mga proyektong pag-access sa outdoor.

6.3.7	Gamitin ang mga mapagkukunan na available sa pamamagitan ng Agreement for Shared Stewardship of California's Forests and Rangelands with the USDA Forest Service Pacific Southwest Region upang isulong ang mga layunin sa pag-access.
-------	--

6.4 Magtatag ng mga samahan sa mga sektor na pilantropo at pangkalakal

6.4.1	Makipagtulungan sa mga organisasyong pilantropo upang matukoy ang mga oportunidad para punan ang mga puwang sa pagpopondo.
6.4.2	Pulungin ang mga tribo at organisasyong nakabase sa komunidad kasama ang mga entidad na pilantropo upang matulungan ang mga tribo at mga kasama sa komunidad na bumuo ng mga ugnayang pagpopondo na kailangan nila upang matukoy nang mas mabuti at pagpursigihin ang mga gawad.
6.4.3	Makipagtulungan sa sektor na pangkalakal, partikular na sa industriya ng rekreasyon sa outdoors, upang matukoy ang mga oportunidad para sa kolaborasyon.

6.5. Pahusayin ang mga pamantayan at mga kasangkapan sa paggawa ng desisyon para sa pantay na pag-access sa outdoors upang malaman ang mga istrategikong pamumuhunan para sa estado

6.5.1	Suriin ang mga umiiral na pamantayan ng estado at mga kasangkapan sa paggawa ng desisyon upang matukoy ang mga hindi pagkakapareho at puwang sa pagpapasya ng mga priyoridad na lugar sa estado para pantay na mapahusay ang pag-access sa outdoors.
6.5.2	Pagsamahin ang sopistikadong kasangkapan sa paggawa ng desisyon para maidirekta at masubaybayan ng Natural Resources Agency at ng mga departamento nito ang mga pamumuhunan para sa pantay na pag-access sa outdoors sa mga priyoridad na lugar.

Pagpapatupad ng Istratehiya

Ang mga pampublikong lupain at katubigan ay likas na mga espasyong panlipunan at, dahil dito, nangangailan para magtulung-tulungan ang bawat isa upang matamasa ang pinakamataas at pinakamahasag na paggamit para sa mga tao at planeta. Nilalayan ang istratohiyang Outdoors for All bilang gabay para sa lahat ng taga-California na magtulungan tuno sa pagsasakatuparan ng pantay na pag-access sa outdoors. Ang tagumpay ng istratohiya ay nakasalalay sa partnership at kolaborasyon. Habang kailangang magsumikap ang nakararami upang maging realidad ang pantay na pag-access sa outdoors, ang pamunuan ng estado sa nagbibigay ng mga mapagkukunan, patakaran, at koordinasyon ay maaaring paigtingin ang gawaing ito.

Sa pagsasakatuparan ng istratohiyang ito, kinakailangan ng mga taga-California na magtulung-tulungan upang pagsamahin ang pantay na pag-access sa outdoors sa lahat ng sulok ng komunidad: paano makakapagbiyahe ang mga tao mula sa isang lugar patungo sa pupuntahan, at kung saan sila magtitipun-tipon upang matuto, magtrabaho, at maglibang. Mahalagang bahagi ng kalikasan ang mga tao. Minamana ng bawat isa ang kaugnayang ito sa outdoors. Ang mga pagkilos sa istratohiyang Outdoors for All ay titiyakin na malilintang ng bawat isa ang kaugnayang ito sinuman sila o saanman sila nakatira. Sumusuporta at nagpapalawak ang istratohiyang ito sa mga pagsusumikap na protektahan ang tinatanging tanawin, katubigan at buhay-ilang para sa mga henerasyon sa hinaharap, sa pamamagitan ng pagprotekta sa kaugnayang ito sa mga espasyong ito, at pagkilala sa pantay na kahalagahan na ginagampanan ng outdoors sa buong kapitbahayan, paaralan, sistema ng parke, at lupain ng estado at pederal.

Ang pagdagdag ng epekto ng mga umiiral na programa at pagtamasa ng mga maabisyong bagong mithiin na itinakda sa istratohiyang ito ay nangangailangan ng malawakang kolaborasyon, malikhaing pagpopondo, at malilina na susunod na hakbang. Kasama dito ang pagtukoy pang-administratibong mga hadlang sa pag-access. Kakailanganin ang bawat isa upang gawing realidad ang bisyong ito ng pantay na pag-access at malinang ang mga espasyong panlabas para masiyahan ang mga henerasyon sa hinaharap.

Mga Pagkilos sa Pangmaikling Panahon

Ang istrategiya ng Outdoors for All ay naglalaman ng anim na priyoridad para maisakatuparan ang pantay na access sa outdoors. Nasa ibaba ang mga pagkilos sa pangmaikling panahon na gagawin ng Natural Resources Agency

- **Gumawa ng imbentaryo ng mga pamumuhunan at epekto ng pantay na access, at mga gap at solusyon** Imbentaryuhin ang lahat ng pamumuhunan ng estado sa pantay na access gaya ng iniaatas para sa pag-uulat sa Assembly Bill 30. I-assess ang mga gap at natitirang mga hadlang sa imbentaryo ng pantay na pag-access at mga solusyon.
- **Tukuyin, subaybayan, at gawing pamantayan ang pinakamahuhusay na gawain na magreresulta sa mga mas inklusibong espasyong panlabas**
Magtakda ng pinagbabatayang datos tungkol sa pag-access sa outdoor, sa pakikipagtuwang sa pilantropiya, pribadong sektor, at mga organisasyong nakabase sa komunidad, kabilang na ang mga may pokus sa kalusugan at edukasyon.. Sa pamamagitan ng maaga, madalas, at kapaki-pakinabang na konsultasyon, isama ang mga tribu at pantribong komunidad sa prosesong ito. Tukuyin ang mga paraan para sukatin ang pag-unlad gamit ang parehong ginagamit na metriks at data.
- **Gawing priyoridad ang kahusayan ng mapagkukunan at bawasan ang mga pag-uulit sa pamamagitan ng pag-align ng mga pamumuhunan sa access sa lahat ng Natural Resources Agency**
Pagbutihin ang koordinasyon sa lahat ng departamento ng Natural Resources Agency at sa mga katuwang na ahensya sa pamamagitan ng pagtukoy sa hindi kinakailangang pagdodoble at pag-uulit at pakikipagtulungan upang madagdagan ang kahusayan at epekto. Kabilang dito ang pagiging epektibo ng regulatoryo at mga oportunidad upang suportahan ang “Cutting the Green Tape.” Regular na subaybayan at ireport ang mga paggastos sa pantay na access sa outdoor; at gawing prayoridad ang bahagi ng umiiral na pondo, kasama na ang pagiging maingat at pagbibigay ng pondo, sa mga proyekto na nagsusulong ng pantay na access sa outdoor. Dapat na kabilang dito ang pag-aayon sa mga programang 30x30 at Nature-Based Solutions/

- **Subaybayan at ipaalam ang pag-unlad**

Bumuo ng mga aksyon para sa regular na pagsiyasat at pagpapaalam sa publiko ng pag-unlad tungo sa mga aksyon sa istratehiyang ito.

Makikipagtulungan ang mga deppartamento ng Ahensya upang maitatag ang espesipiko, nasusukat, ambisyoso, reyalistiko, at may takdang oras na mga metrics para sa pagprogreso.

Pagbuo ng Istratehiyang Outdoors for All

Ang pinagsama-samang kaalaman ng libu-libong tagapagtaguyod sa komunidad sa buong California ay nagbigay-hugis sa mga pangunahing bahagi ng istratehiyang Outdoors for All. Noong 2021, nagbigay ang mga tagapagtaguyod ng unang pananaw at direksyon sa kung paano pinakamahusay na maisasakatuparan ang pantay na access sa mga espasyong panlabas sa pamamagitan ng mga nakatuong talakayan para sa dalawang inisyatiba ng estado: Mga daan tuno sa 30X30 at ang Natural and Working Lands Climate Smart Strategy. Kasama ang inisyatibang Outdoors for All, inuuna ng mga pagsusumikap na ito ang pantay na access sa outdoors.

Sa pagbuo sa pundasyong ito, noong 2022, idinaos ng Natural Resources Agency ang anim na workshop na panrehiyon na kasamang idinaos ng mga organisasyong nakabase sa komunidad, isang virtual na workshop sa buong estado, at isang pampublikong pagpupulong ng komunidad. Nagpalawak ang mga kalahok sa mga pagpupulong at workshop na ito sa mga pangunahing rekomendasyon na ibinigay ng mga tagapagtaguyod sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mga panrehiyong prioridad, na nagdedetalye sa mga pangangailangan sa buong estado, at pagbabahagi ng pinakamahuhusay na gawain. Pinasasalamatang ng Natural Resources Agency ang mga sumusunod na organisasyon bilang kasamang nagdaos sa mga workshop na ito: Fresno Building Healthy Communities, Outdoor Outreach, Parks Now Coalition, True North Organizing Network, TOGETHER Bay Area, Parks California, at Tahoe Truckee Community Foundation.

Nagsagawa ang Natural Resources Agency ng apat na talakayan sa pagitan ng mga tribo at labindalawang konsultasyon sa pagitan ng mga pamahalaan kasama ang mga tribo ng Katutubong Amerikano sa California. Ang mga nakasarang sesyon na ito ay nagbigay sa pamahalaan ng estado at tribo ng mga oportunidad na tukuyin ang mga makabuluhang paraan na mababawasan ng estado ang mga hadlang sa pag-access ng tribo sa mga lupaing pag-aari ng estado, panrehiyon at pederal na pamahalaan, at nang pribado.

Ang mga panayam sa mga lider at kawani na mula sa mahigit 25 entidad sa loob ng Natural Resources Agency, at mga pederal at panrehiyong katuwang sa espasyong panlabas ay mga susi rin sa pagpapaunlad ng istratehiyang ito. Binigyang-diin sa mga panayam na ito ang mga umiiral na programa sa pantay na access at tinuklas ang mga internal na oportunidad at hadlang sa pagsasakatuparan ng Outdoors for All. Ang istratehiyang Outdoors for All ay binuo sa pagtutulungan ng California Natural Resources

Agency at Better World Group, na may pagpopondong gawad na ibinigay ng Resources Legacy Fund.

Apendise A: Mga Mapagkukunan na Nagbibigay ng Impormasyon sa Istratehiya

¹ D., Bush, R., Gaston, K. et al. "Health Benefits from Nature Experiences Depend on Dose." *Sci Rep* 6, 28551 (2016)

¹ Institute at the Golden Gate. "About | ParkRx." Retrieved January 11, 2023 from <https://www.parkrx.org/about>

¹ D., Bush, R., Gaston, K. et al. "Health Benefits from Nature Experiences Depend on Dose." *Sci Rep* 6, 28551 (2016)

¹ Nielsen, A.B., van den Bosch, M., Maruthaveeran, S. et al. Species richness in urban parks and its drivers: A review of empirical evidence. *Urban Ecosystems* 17, 305–327 (2014). <https://doi.org/10.1007/s11252-013-0316-1>

¹ Threlfall, C.G., Ossola, A., Hahs, A.K., Williams, N.S.G., Wilson, L. and S.J. Livesley. Variation in Vegetation Structure and Composition across Urban Green Space Types. *Front. Ecol. Evol.*, 4, (2016) <https://doi.org/10.3389/fevo.2016.00066>

¹ *Outdoor Recreation Satellite Account – California*. U.S. Bureau of Economic Analysis. (2022). Retrieved December 19, 2022 from <https://outdoorindustry.org/wp-content/uploads/2022/11/ORSA-California.pdf>

¹ Hoffman, J.S., Shandas, V., & Pendleton, N. The Effects of Historical Housing Policies on Resident Exposure to Intra-Urban Heat: A Study of 108 US Urban Areas. *Climate* 2020, 8(1), 12; <https://doi.org/10.3390/cli8010012>

¹ [Pollution and Prejudice \(arcgis.com\)](https://www.arcgis.com)

¹ C. Jackson. "What is Redlining?" *The New York Times* (2021, August 17). Retrieved February 21, 2023 from <https://www.nytimes.com/2021/08/17/realestate/what-is-redlining.html>

¹ Rothstein, R. (2017). *The color of law: a forgotten history of how our government segregated America*. First edition. New York ; London, Liveright Publishing Corporation, a division of W.W. Norton & Company.

¹ D. Weikel. "Two Malibu property owners fined \$5.1 million for blocking access to public beach"

Los Angeles Times (2016, December 9). Retrieved February 21, 2023 from <https://www.latimes.com/local/lanow/la-me-headlines-coastal-fines-20161208-story.html>

¹ S. Kim. "Racist Rant Against Asian Woman Exercising in California Park Caught on Camera: 'We Do Not Want You Here'" *Newsweek*. (June 11, 2020). Retrieved December 19, 2022 from <https://www.newsweek.com/racist-rant-asian-woman-california-park-camera-1510195>

¹ *Advancing Racial Equity and Transforming Government: A Resource Guide to Put Ideas into Action*. Local and Regional Government Alliance on Race & Equity (2015). Retrieved November 22, 2022 from <https://www.racialequityalliance.org/resources/advancing-racial-equity-and-transforming-government-a-resource-guide-to-put-ideas-into-action/>

¹ *California Coastal Commission Environmental Justice Policy*. California Coastal Commission. (March 8, 2019). Retrieved November 22, 2022 from https://documents.coastal.ca.gov/assets/env-justice/CCC_EJ_Policy_FINAL.pdf

¹ *Ocean Protection Council Equity Plan*. State of California Ocean Protection Council. (October 2022). Retrieved November 22, 2022 from https://www.opc.ca.gov/webmaster/_media_library/2022/11/OPC-Equity-Plan-508.pdf

¹ Community Powered Resilience. "Frontline Communities." Retrieved May 4, 2023 from <https://www.communitypoweredresilience.org/frontline-communities>

¹ Save the Redwoods League. (n.d.). *Historic Stewarts point property permanently protected by Save the Redwoods League and Sonoma County Agricultural Preservation and open space district*. Save the Redwoods League. Retrieved November 6, 2022, from <https://www.savetheredwoods.org/league-announcement/historic-stewarts-point-property-permanently-protected-by-save-the-redwoods-league-and-sonoma-county-agricultural-preservation-and-open-space-district/>

¹ *Opening schoolyards to the public during non-school hours could alleviate the problem of park access for nearly 20 million people*. Trust for Public Land. (2022, June 29). Retrieved November 6, 2022, from <https://www.tpl.org/media-room/opening-schoolyards-public-during-non-school-hours-could-alleviate-problem-park-access>

¹ *California Schoolyard Forest SystemSM - co-founded by CDE, Cal Fire, ten strands, and GSA*. Green Schoolyards America. (n.d.). Retrieved November 6, 2022, from <https://www.greenschoolyards.org/ca-forests>

¹ Abraham, Z. (April 20, 2021). *OUSD to Unveil District's Remarkable New Green Schoolyard in Celebration of Earth Day; News Conference Scheduled for Tuesday, April 20*. Oakland News Now Blog. Retrieved December 2, 2022, from <https://oaklandnewsnowblog.com/oakland-school-news-ousd-unveils-new-green-schoolyard-in-celebration-of-earth-day/>

¹ Conservation, C. D. of. (n.d.). *Multibenefit Land Repurposing Program (MLRP)*. CA Department of Conservation. Retrieved November 6, 2022, from <https://www.conservation.ca.gov/dlrp/grant-programs/Pages/Multibenefit-Land-Repurposing-Program.aspx>

¹ City and County of San Francisco – Office of the Mayor. "State Awards \$8.5 Million for Waterfront Park in India Basin." (February 27, 2020). Retrieved December 19, 2022 from <https://sfmayor.org/article/state-awards-85-million-waterfront-park-india-basin>

¹ *AB-2022 State government*. Bill Text - AB-2022 State government. (n.d.). Retrieved November 23, 2022, from https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/billNavClient.xhtml?bill_id=202120220AB2022